

*Special Education Services | Alabama State Department of Education*

# Mga Pamamaraan sa Pangangalaga ng Mga Karapatan sa Espesyal na Edukasyon ng Alabama

Inaprubahan ng ALSDE noong Nobyembre 2023

## Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Alabama

| | |
|---|---|
| Gob. Kay Ivey | Pangulo |
| Jackie Zeigler | Distrito 1 |
| Tracie West | Distrito 2 Pangalawang Pangulo |
| Stephanie Bell | Distrito 3 |
| Yvette M. Richardson, Ed.D. | Distrito 4 |
| Tonya S. Chestnut, Ed.D. | Distrito 5 Pangulo ng Pro Tem |
| Marie Manning | Distrito 6 |
| Belinda McRae | Distrito 7 |
| Wayne Reynolds, Ed.D. | Distrito 8 |
| Eric G. Mackey, Ed.D. | Kalihim at Ehekutibong Opisyal |

Alabama State Department of Education, Eric G. Mackey, Superintendente ng Edukasyon ng Estado

Ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Alabama at ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Alabama (Alabama State Department of Education) ay hindi nagtatangi batay sa lahi, kulay, kapansanan, kasarian, relihiyon, nasyonal o bansang pinagmulan, o edad sa kanilang mga programa, aktibidad, o trabaho at nagbibigay ng pantay na pag-access sa Mga Boy Scout at iba pang itinalagang grupo ng kabataan. Ang sumusunod na tao ay may tungkulin sa pangangasiwa ng mga katanungan tungkol sa mga patakarang walang diskriminasyon: Title IX Coordinator, Alabama State Department of Education, P.O. Box 302101, Montgomery, AL 36130-2101, telepono (334) 694-4717.




# Mga Pamamaraan sa Pangangalaga ng Mga Karapatan sa Espesyal na Edukasyon ng Alabama

Paunang Nakasulat na Abiso ..................................................... 2
Pahintulot ng Magulang ............................................................ 3
Independiyenteng Pagsusuri sa Edukasyon .............................. 5
Mga Opsyon ng Pagtutol sa Resolusyon.................................... 6
Pag-access sa mga Tala/Rekord................................................ 18
Mga Karapatan ng mga Bata........................................................20
Disiplina...................................................................................... 22

Ang *Individuals with Disabilities Education Act* (IDEA) at mga batas ng estado ay lumilikha ng tiyak na mga karapatan para sa mga kwalipikado para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Ang kopya ng mga karapatang iyon ay dapat ibigay sa mga magulang isang beses lamang sa isang taon, maliban kung dapat ding ibigay ang kopya:

1. Sa mga magulang sa oras ng inisyal na referral o kahilingan ng magulang para sa pagsusuri,
2. Sa unang pagrereklamo ng Estado sa isang taon ng pag-aaral,
3. Sa unang kahilingan para sa angkop na proseso ng pagdinig sa isang taon ng pag-aaral,
4. Kapag ang isang desisyon ay ginawa sa aksyong pandisiplina na bumubuo ng pagbabago ng placement, at
5. Sa kahilingan ng magulang.

Ang sumusunod ay isang paliwanag ng iyong mga karapatan. Kung gusto mo ng karagdagang paliwanag sa alinman sa mga karapatang ito, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong punong-guro ng paaralan, sa tagapag-ugnay ng espesyal na edukasyon sa iyong sistema ng paaralan, o sa iyong superintendente ng mga paaralan. Kung gusto mo ng isa pang kopya ng iyong mga karapatan, mayroon kang anumang mga katanungan, o nais na magsaayos ng isang kumperensya, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na pampublikong ahensya.

## Paunang Nakasulat na Abiso

Dapat kang bigyan ng iyong paaralan ng nakasulat na abiso (magbigay sa iyo ng ilang partikular na impormasyon na nakasulat), sa loob ng makatwirang tagal ng panahon bago ito:

1. Magmungkahi na simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o placement sa edukasyon ng iyong anak, o ang pagbibigay ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon o free appropriate public education (FAPE) sa iyong anak; o
2. Tumangging simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o placement sa edukasyon ng iyong anak, o ang pagbibigay ng FAPE sa iyong anak.

Ang nakasulat na abiso ay dapat na:

1. Naglalarawan ng aksyon na iminumungkahi o tinatanggihang gawin ng pampublikong ahensya.
2. Nagpapaliwanag kung bakit nagmumungkahi o tumatanggi ang pampublikong ahensya na gawin ang aksyon.
3. Inilalarawan ang bawat pamamaraan ng pagsusuri, pagtatasa, pagtatala, o pag-uulat ng pampublikong ahensya na ginamit sa pagpapasya na imungkahi o tanggihan ang aksyon.
4. May kasamang isang pahayag na mayroon kang mga proteksyon sa ilalim ng mga probisyon ng pamamaraan sa pangangalaga ng mga karapatan sa IDEA, at kung ang abisong ito ay hindi isang paunang referral para sa pagsusuri, at ang paraan kung saan maaaring makakuha ng kopya ng naturang mga pamamaraan sa pangangalaga ng mga karapatan.
5. May kasamang mga mapagkukunan na maaari mong kontakin para sa makatulong sa pag-unawa sa IDEA.
6. Inilalarawan ang anumang iba pang mga opsyon na isinasaalang-alang ng Team ng individualized education program (IEP) ng iyong anak at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong iyon; at
7. Nagbibigay ng paglalarawan ng iba pang mga dahilan kung bakit iminungkahi o tinanggihan ng pampublikong ahensya ang aksyon.

### ABISO SA NAUUNAWAANG LENGGUWAHE

Ang paunang nakasulat na abiso ay dapat na:

1. Nakasulat sa nauunawaang lengguwahe ng pangkalahatang publiko; at
2. Ibinigay sa iyong katutubong lengguwahe o iba pang pamamaraan ng komunikasyon na iyong ginagamit, maliban kung malinaw na hindi posibleng gawin.

Kung ang iyong katutubong wika o iba pang pamamaraan ng komunikasyon ay hindi nakasulat na lengguwahe, dapat tiyakin ng pampublikong ahensya na:

1. Ang abiso ay isinalin para sa iyo nang pasalita o sa iba pang paraan sa iyong sariling wika o iba pang paraan ng komunikasyon;
2. Nauunawaan mo ang nilalalaman ng abiso; at
3. May nakasulat na katibayan na ang mga kinakailangan sa talata 1 at 2 ay natugunan.

Kung ang iyong pampublikong ahensya ay nag-aalok sa mga magulang ng pagpili ng pagtanggap ng mga dokumento sa pamamagitan ng e-mail, maaari mong piliing tumanggap ng paunang nakasulat na abiso sa pamamagitan ng e-mail.

Ang nakasulat na abiso ay dapat ibigay sa iyo kapag ang iyong anak ay nagtapos sa mataas na paaralan na may regular na diploma o lumabas dahil siya ay lumampas na sa edad ng pagiging kwalipikado para sa isang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon.

***The Individuals with Disabilities Education Act* (IDEA)** ay isang pederal na batas na sumusuporta sa espesyal na edukasyon at pagpoprograma ng nauugnay na serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga kapansanan. Ito ay orihinal na kilala bilang *Education of Handicapped Children Act*, na ipinasa noong 1975.

Tinitiyak ng **Libreng Angkop na Pampublikong Edukasyon o Free Appropriate Public Education (FAPE)** na ang mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan at kapansanan ay bibigyan ng karanasang pang-edukasyon na kahalintulad ng sa mga wala nito. Ang mga mag-aaral na may mga kapansanan ay inaasahan na tuturuan kasama ng mga mag-aaral na walang mga kapansanan hangga't naaangkop.

# Pahintulot ng Magulang

Dapat kuhanin ng iyong pampublikong ahensya ang iyong may-kabatirang nakasulat na pahintulot:

1. Bago magsagawa ng paunang pagsusuri,
2. Bago ang paunang probisyon ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, o
3. Bago kumuha ng karagdagang datos bilang bahagi ng muling pagsusuri.

## KAHULUGAN NG PAHINTULOT NG MAGULANG

Ang pahintulot ay nangangahulugang:

1. Ganap na naipaalam sa magulang sa katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon (tulad ng wikang pasenyas, Braille, o pasalitang komunikasyon) ang lahat ng impormasyon tungkol sa aksyon na binibigyan mo ng pahintulot.
2. Nauunawaan ng mga magulang at sinasang-ayunan ang aksyong iyon nang nakasulat, at ang pahintulot ay naglalarawan sa aksyon na iyon at naglilista ng mga tala (kung mayroon) na ilalabas at kung kanino; at
3. Nauunawaan ng magulang na ang pahintulot ay boluntaryo sa panig ng magulang at maaaring bawiin ang pahintulot anumang oras.
4. Kung binawi ng isang magulang (kinansela) ang pahintulot pagkatapos na magsimulang makatanggap ang kanilang anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, dapat itong gawin nang nakasulat.
   a. Ang pagbawi ng pahintulot ay hindi nagpapawalang-bisa (nagpapawalang-saysay) sa isang aksyon na naganap pagkatapos ng pahintulot, pero bago ito binawi.
   b. Hindi kinakailangan na amyendahan (baguhin) ng paaralan ang mga rekord ng edukasyon ng bata upang alisin ang anumang mga reperensiya nang natanggap ng iyong anak ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo pagkatapos ng iyong pagbawi ng pahintulot.

## PAHINTULOT NG MAGULANG PARA SA INISYAL NA PAGSUSURI

Ang pampublikong ahensya ay hindi maaaring magsagawa ng paunang pagsusuri ng iyong anak upang matukoy kung ang iyong anak ay kwalipikado sa ilalim ng IDEA na tumanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo nang hindi muna nagbibigay sa iyo ng paunang nakasulat na abiso ng iminungkahing aksyon at pagkuha ng iyong pahintulot (kapag ang mga pagtatasa
ay kinakailangan bilang bahagi ng pagsusuri) gaya ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Paunang Nakasulat na Abiso** at **Pahintulot ng Magulang.**

Ang pampublikong ahensya ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na makuha ang iyong may-kabatirang pahintulot para sa isang paunang pagsusuri para makapagpasya kung ang iyong anak ay isang mag-aaral na may kapansanan.

Ang iyong pahintulot para sa paunang pagsusuri ay hindi nangangahulugan na ibinigay mo na rin ang iyong pahintulot para sa paaralan na magsimulang magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa iyong anak.

Kung ang iyong anak ay naka-enroll sa isang pampublikong paaralan o kung nais mong i-enroll ang iyong anak sa isang pampublikong paaralan, at tumanggi kang magbigay ng pahintulot para sa isang paunang pagsusuri o nabigong tumugon sa isang kahilingan na magbigay ng pahintulot para sa isang paunang pagsusuri, ang pampublikong ahensya ay maaari ngunit hindi kinakailangan na, magsagawa ng paunang pagsusuri ng iyong anak sa pamamagitan ng mediation ng IDEA o mga pamamaraan ng reklamo sa angkop na proseso.
Ang pampublikong ahensya ay hindi lalabag sa mga obligasyon nito na hanapin, tukuyin, at suriin ang iyong anak kung hindi nito itutuloy ang pagsusuri ng iyong anak sa mga sitwasyong ito.

### Pahintulot para sa Paunang Pagsusuri kung ang Anak ay Nasa Ilalim ng Proteksyon ng Estado (Ward of the State)

Kung ang isang mag-aaral ay nasa ilalim ng proteksyon ng Estado at hindi nakatira kasama ng kanyang magulang - ang pampublikong ahensya ay hindi nangangailangan ng pahintulot mula sa magulang para sa isang paunang pagsusuri upang matukoy kung ang mag-aaral ay isang mag-aaral na may kapansanan kung:

1. Sa kabila ng makatwirang pagsisikap na gawin ito, hindi matagpuan pampublikong ahensya ang magulang ng mag-aaral;
2. Ang mga karapatan ng mga magulang ay winakasan alinsunod sa batas ng estado; o ang isang hukom ay nagtalaga ng karapatang gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon sa isang indibidwal maliban sa magulang, at ang indibidwal na iyon ay nagbigay ng pahintulot para sa isang paunang pagsusuri.

Ang pampublikong ahensya ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na makuha ang iyong may-kabatirang pahintulot para sa isang paunang pagsusuri para makapagpasya kung ang iyong anak ay isang mag-aaral na may kapansanan.

## PAHINTULOT NG MAGULANG PARA SA MGA SERBISYO

Dapat kuhanin ng pampublikong ahensya ang iyong may-kabatirang pahintulot bago magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa iyong anak sa unang pagkakataon.

Ang pampublikong ahensya ay dapat gumawa ng makatwirang pagsisikap na makuha ang iyong may-kabatirang pahintulot bago magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa iyong anak sa unang pagkakataon.

Kung hindi ka tumutugon sa isang kahilingang ibigay ang iyong pahintulot para sa iyong anak na makatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung tumatanggi kang magbigay ng ganoong pahintulot o sa kalaunan ay bawiin (kanselahin) mo ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat, ang pampublikong ahensya ay:

1. Maaaring hindi gamitin ang mga pamamaraan sa pangangalaga ng mga karapatan (kabilang ang mediation o angkop na proseso ng reklamo) upang makakuha ng kasunduan o isang desisyon na ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo (inirerekomenda ng IEP Team ng iyong anak) ay ibibigay sa iyong anak nang wala kang pahintulot.
2. Hindi lumalabag sa pangangailangan na gawing available ang FAPE sa iyong anak para sa kabiguan nitong ibigay ang mga serbisyong iyon sa iyong anak; at
3. Hindi kinakailangang magkaroon ng pagpupulong ng IEP o bumuo ng IEP para sa iyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo kung saan hiniling ang iyong pahintulot.

Kapag binawi (kinansela) mo ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat sa anumang pagkakataon pagkatapos ng unang pagkakaloob ng espesyal na edukasyon sa iyong anak at mga kaugnay na serbisyo, ang pampublikong ahensya ay:

1. Maaaring hindi magpatuloy sa pagbibigay ng naturang mga serbisyo pero dapat magbigay sa iyo ng paunang nakasulat na abiso, gaya ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Paunang Nakasulat na Abiso**, bago ihinto ang mga serbisyong iyon.
2. Maaaring hindi gamitin ang mga pamamaraan sa pangangalaga ng mga karapatan (kabilang ang mediation o angkop na proseso ng reklamo) upang makuha ang kasunduan o pagpapasya na ibibigay ang edukasyon at nauugnay na mga serbisyo sa iyong anak nang wala kang pahintulot.
3. Hindi lumalabag sa pangangailangan na gawing available ang FAPE sa iyong anak para sa kabiguan nitong ibigay ang mga serbisyong iyon sa iyong anak; at
4. Hindi kinakailangang magkaroon ng pagpupulong ng IEP o bumuo ng IEP para sa iyong anak para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo kung saan hiniling ang iyong pahintulot.

## PAHINTULOT NG MAGULANG SA MGA MULING PAGSUSURI

Dapat kuhanin ng pampublikong ahensya ang iyong may-kabatirang pahintulot bago nito muling suriin ang iyong anak maliban kung maipakita ng pampublikong ahensya na:

1. Nagsagawa ito ng mga makatwirang hakbang upang makuha ang iyong pahintulot para sa muling pagsusuri ng iyong anak; at
2. Hindi ka tumugon.

Kung tumatanggi kang pumayag sa muling pagsusuri ng iyong anak, ang pampublikong ahensya ay maaari, ngunit hindi kinakailangan, na ituloy ang muling pagsusuri ng iyong anak sa pamamagitan ng mediation o mga pamamaraan ng reklamo sa angkop na proseso upang subukang pawalang-bisa ang iyong pagtangging magpahintulot sa muling pagsusuri ng iyong anak. Hindi nilalabag ng pampublikong ahensya ang mga obligasyon nito sa ilalim ng IDEA kung tumatanggi itong ituloy ang muling pagsusuri sa ganitong paraan.

## DOKUMENTASYON NG MAKATWIRANG PAGSISIKAP UPANG MAKAKUHA NG PAHINTULOT NG MAGULANG

Ang iyong paaralan ay dapat magpanatili ng dokumentasyon ng mga makatwirang pagsisikap upang makakuha ng iyong pahintulot para sa mga paunang pagsusuri, para makapagbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, para sa isang muling pagsusuri, at upang mahanap ang mga magulang ng mga nasa ilalim ng proteksyon ng Estado para sa mga paunang pagsusuri.

Dapat kasama sa dokumentasyon ang isang talaan ng mga pagtatangka ng pampublikong ahensya sa mga aspetong ito, tulad ng:

1. Mga detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono na ginawa o sinubukan at ang mga resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng sulat na ipinadala sa iyo at anumang mga tugon na natanggap; at
3. Mga detalyadong tala ng mga pagbisita na ginawa sa iyong tahanan o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Dapat mapanatili ng iyong paaralan ang dokumentasyon ng mga makatwirang pagsisikap na makuha ang iyong pahintulot para sa mga paunang pagsusuri, upang magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, para sa muling pagsusuri, at upang mahanap ang mga magulang ng mga nasa ilalim ng proteksyon ng Estado para sa mga paunang pagsusuri.

### IBA PANG MGA KINAKAILANGAN SA PAHINTULOT

Ang pahintulot ng magulang ay hindi kailangan bago maaaring ang pampublikong ahensya ay:

1. Magrepaso ng kasalukuyang datos bilang bahagi ng pagsusuri ng iyong anak o ng isang muling pagsusuri; o
2. Magbigay sa iyong anak ng pagsusulit o iba pang pagsusuri na ibinibigay sa lahat ng mag-aaral maliban kung, bago ang pagsusulit o pagsusuring iyon, kailangan muna ng pahintulot mula sa mga magulang ng lahat ng mag-aaral.

Maaaring hindi gamitin ng pampublikong ahensya ang iyong pagtanggi na magpahintulot sa isang serbisyo o aktibidad na nauugnay sa paunang pagsusuri, paunang probisyon ng mga serbisyo, o muling pagsusuri bilang batayan sa pagkakait sa magulang o anak ng anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad, maliban kung ito ay isa pang kinakailangang gawin ng pampublikong ahensya para sa iniaatas ng IDEA.

Kung ini-enroll mo ang iyong anak sa isang pribadong paaralan sa iyong sariling gastos o kung ang iyong anak ay nag-aaral sa bahay lamang (home-schooling), at hindi mo ibinibigay ang iyong pahintulot para sa paunang pagsusuri o muling pagsusuri ng iyong anak, o nabigo kang tumugon sa isang kahilingan na magbigay ng iyong pahintulot, maaaring hindi gamitin ng pampublikong ahensya ang mga pamamaraan sa resolusyon ng hindi pagkakaunawaan (sa ibang salita ay, mediation o angkop na proseso ng reklamo) upang pawalang-bisa ang pahintulot at hindi kinakailangan para ikunsidera ang iyong anak bilang kwalipikadong tumanggap ng pantay na mga serbisyo.

#### Paglilipat ng Mga Karapatan ng Magulang Pagsapit ng Legal na Edad

Kapag ang isang batang may kapansanan ay sumapit sa legal na edad sa ilalim ng batas ng Estado (edad 19) na naaangkop sa lahat ng bata (maliban sa isang batang may kapansanan na natukoy na walang kakayahan sa ilalim ng batas ng Estado), ang pampublikong ahensya ay dapat kapuwa bigyan ang anak at mga magulang ng anumang abisong iniaatas ng bahaging ito; at lahat ng karapatan na ibinibigay sa mga magulang sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA ay inililipat sa anak; lahat ng karapatan na ibinibigay sa mga magulang sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA ay inililipat sa mga anak na nakakulong sa isang institusyong koreksyonal na lokal o ng Estado para sa adulto/nasa hustong gulang o juvenile; at sa tuwing inililipat ang mga karapatan, dapat ipaalam ng ahensya sa bata at sa mga magulang ang paglilipat ng mga karapatan.

## Independiyenteng Pagsusuri sa Edukasyon

**Ang Independyenteng Pagsusuri sa Edukasyon o Independent Educational Evaluation (IEE)** ay nangangahulugang isang pagsusuri na isinasagawa ng isang kwalipikadong tagasuri na hindi nagtatrabaho sa pampublikong ahensya.

**Ang Pampublikong Gastos** ay nangangahulugan na ang pampublikong ahensya ang nagbabayad para sa buong halaga ng pagsusuri o tinitiyak na ang pagsusuri ay ibibigay sa iyo nang walang bayad, na naaayon sa mga probisyon ng IDEA, na nagpapahintulot sa bawat estado na gamitin ang anumang estado, lokal, pederal, at pribadong mga mapagkukunan ng suporta upang matugunan ang mga iniaatas ng Batas.

### MGA PAMANTAYAN NG IEE

Kung ang isang IEE ay nasa pampublikong gastos, ang pamantayan kung saan nakuha ang pagsusuri, kabilang ang lokasyon ng pagsusuri at ang mga kwalipikasyon ng tagasuri, ay dapat na kapareho ng pamantayan na ginagamit ng pampublikong ahensya kapag nagpasimula ito ng pagsusuri (hanggang ang mga pamantayang iyon ay naaayon sa iyong karapatan sa isang IEE).

Maliban sa mga pamantayang inilarawan sa itaas, ang pampublikong ahensya ay hindi maaaring magpataw ng mga kondisyon o mga timeline na may kaugnayan sa pagkuha ng IEE sa pampublikong gastos.

### KARAPATAN SA PAGSUSURI GAMIT ANG PAMPUBLIKONG GASTOS

May karapatan ka sa isang IEE ng iyong anak gamit ang pampublikong gastos kung hindi ka sumasang-ayon sa pagsusuri ng iyong anak na kinuha ng pampublikong ahensya. Ang pampublikong ahensya ay dapat magbigay sa mga magulang, kapag humiling para sa isang IEE, ng impormasyon tungkol sa kung saan maaaring makuha ang isang IEE, at ang mga pamantayan ng ahensya na naaangkop o inilalapat para sa mga IEE.

Ang isang IEE ay napapailalim sa mga sumusunod na kondisyon:

1. Kung humihiling ka ng IEE ng iyong anak gamit ang pampublikong gastos, ang pampublikong ahensya ay dapat magbigay, nang walang kailangang pagkaantala, alinman sa:
   a. Maghain ng reklamo sa angkop na proseso (due process) upang humiling ng pagdinig para ipakita na ang pagsusuri nito sa iyong anak ay wasto; o
   b. Pagbibigay ng IEE gamit ang pampublikong gastos, maliban kung ang pampublikong ahensya ay nagpakita sa isang pagdinig na ang pagsusuri ng iyong anak na nakuha mo ay hindi nakatugon sa pamantayan ng pampublikong ahensya.
2. Pagbibigay ng karapatan sa IEE ngunit hindi sa ilalim ng pampublikong gastos, kung ang pampublikong ahensya ay humiling ng pagdinig at ang pinal na desisyon ay nagsasaad na ang pagsusuri ng pampublikong ahensiya sa iyong anak ay wasto.
3. Kapag humiling ka ng IEE ng iyong anak, maaaring magtanong ang pampublikong ahensya kung bakit ka tumutol sa pagsusuri ng iyong anak na nakuha ng pampublikong ahensya. Gayunpaman, ang pampublikong ahensya ay maaaring hindi humingi ng paliwanag at hindi maaaring mag-antala nang di-makatwiran alinman sa pagbibigay ng IEE sa iyong anak sa ilalim ng pampublikong gastos o paghahain ng reklamo sa angkop na proseso (due process) upang humiling ng angkop na proseso ng pagdinig para ipagtanggol ang pagsusuri ng pampublikong ahensya sa iyong anak.

Ikaw ay may karapatan sa isang IEE lamang ng iyong anak sa ilalim ng pampublikong gastos sa bawat panahon na ang pampublikong ahensya ay nagsasagawa ng pagsusuri sa iyong anak na hindi mo sinasang-ayunan.

### MGA PAGSUSURING PINASIMULAN NG MAGULANG

Kung kukuha ka ng IEE ng iyong anak sa ilalim ng pampublikong gastos o ibabahagi mo sa pampublikong ahensya ang pagsusuri ng iyong anak na nakuha mo gamit ang pribadong gastos:

1. Dapat isaalang-alang ng pampublikong ahensya ang mga resulta ng pagsusuri ng iyong anak, kung natutugunan nito ang mga pamantayan ng pampublikong ahensya para sa isang IEE, sa anumang desisyong ginawa kaugnay ng pagkakaloob ng FAPE sa iyong anak; at
2. Ikaw o ang pampublikong ahensya ay maaaring magpakita ng pagsusuri bilang ebidensya sa isang angkop na proseso ng pagdinig tungkol sa iyong anak.

### MGA KAHILINGAN PARA SA MGA PAGSUSURI NG MGA OPISYAL NG PAGDINIG

Kung ang isang opisyal ng pagdinig ay humiling ng isang IEE ng iyong anak bilang bahagi ng isang angkop na proseso ng pagdinig, ang halaga ng pagsusuri ay dapat nasa pampublikong gastos.

## Mga Opsyon ng Pagtutol sa Resolusyon

### PAGKAKAIBA NG MGA PAMAMARAAN NG PAGREREKLAMO SA ESTADO AT ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG

Ang mga regulasyon para sa Bahagi B ng IDEA ay nagtakda ng hiwalay na mga pamamaraan para sa mga pagrereklamo sa Estado at para sa angkop na proseso na mga pagdinig. Gaya ng ipinaliwanag sa ibaba, maaaring maghain ang sinumang indibidwal o organisasyon ng reklamo sa Estado na nag-aakusa sa isang pampublikong ahensya, departamento ng edukasyon ng estado, o anumang iba pang pampublikong ahensya, ng paglabag sa anumang iniaatas sa Bahagi B. Ikaw lamang o isang pampublikong ahensya ang maaaring maghain ng kahilingan sa angkop na proseso na pagdinig sa anumang bagay na may kaugnayan sa isang panukala o isang pagtanggi na simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o placement sa edukasyon ng isang batang may kapansanan, o ang pagbibigay ng libreng naaangkop na publikong edukasyon sa bata. Habang ang mga tauhan ng ALSDE sa pangkalahatan ay dapat magresolba ng isang pagrereklamo ng Estado sa loob ng timeline na 60 araw sa kalendaryo, maliban kung ang timeline ay maayos na pinalawig, ang isang walang kinikilingang opisyal ng pagdinig sa angkop na proseso ay dapat duminig sa isang angkop na proseso na pagdinig (kung hindi naresolba sa isang pagpupulong ng resolusyon o sa isang mediation) at dapat maglabas ng nakasulat na desisyon sa loob ng 45 araw sa kalendaryo pagkatapos ng panahon ng resolusyon maliban kung nagbigay ang opisyal ng pagdinig ng tiyak na pagpapalawig ng timeline sa iyong kahilingan o sa kahilingan ng pampublikong ahensya.

Ikaw ay may karapatan sa iisa lamang na IIE ng iyong anak sa pampublikong gastos sa bawat beses na ang publikong ahensya ay magsagawa ng pagsusuri sa iyong anak na hindi mo sinang-ayunan.

Ikaw lamang o isang pampublikong ahensya ang maaaring maghain ng kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig.

## MGA PAMAMARAAN NG PAGREREKLAMO SA ESTADO

Ang ALSDE ay dapat may nakasulat na mga pamamaraan para sa:

1. Paglutas/Pagresolba ng anumang reklamo, kabilang ang isang reklamong inihain ng isang organisasyon o indibidwal mula sa ibang estado;
2. Ang paghahain ng reklamo sa ALSDE; at
3. Malawakang pagpapakalat ng mga pamamaraan ng pagrereklamo sa Estado sa mga magulang at iba pang interesadong indibidwal, kabilang ang mga sentro ng pagsasanay at impormasyon ng magulang, mga ahensya ng proteksyon at adbokasiya, mga independiyenteng sentro ng pamumuhay, at iba pang naaangkop na mga entidad.

## MGA LUNAS PARA SA PAGTANGGI SA NAAANGKOP NA MGA SERBISYO

Sa pagresolba ng pagrereklamo sa Estado kung saan natuklasan ng ALSDE ang pagkabigo na magbigay ng naaangkop na mga serbisyo, tutugunan ng SES ang:

1. Ang kabiguan na magbigay ng mga naaangkop na serbisyo, kabilang ang aksyon ng pagwawasto na naaangkop upang matugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral (tulad ng mga serbisyong pambayad sa mga kasanayan o serbisyo sa edukasyong nawala/hindi naibigay o pagsasauli ng pera); at
2. Angkop na probisyon sa hinaharap ng mga serbisyo para sa lahat ng mag-aaral na may mga kapansanan.

## PINAKAMABABANG PAMAMARAAN NG PAGREREKLAMO SA ESTADO

Kasama sa ALSDE sa mga pamamaraan ng pagrereklamo sa Estado nito ang limitasyon na 60 araw sa kalendaryo pagkatapos maihain ang reklamo na:

1. Magsagawa ng independiyenteng pagsisiyasat sa lugar, kung matukoy ng ALSDE na kailangan ang pagsisiyasat;
2. Bigyan ang nagrereklamo ng pagkakataon na magsumite ng karagdagang impormasyon, ito man ay pasalita o nakasulat, tungkol sa mga paratang sa reklamo;
3. Bigyan ang ALSDE ng pagkakataong tumugon sa reklamo, kasama ang at hindi bababa sa: (a) isang panukala upang malutas ang reklamo; sa opsyon ng ALSDE, at (b) isang pagkakataon para sa isang magulang na naghain ng reklamo at sa pampublikong ahensya na kusang sumang-ayon na makibahagi sa mediation;
4. Repasuhin ang lahat ng nauugnay na impormasyon at gumawa ng independiyenteng pagpapasya kung ang ahensyang pang-edukasyon ay lumalabag sa isang kinakailangan o iniaatas ng IDEA; at
5. Mag-isyu ng nakasulat na desisyon sa nagrereklamo na tumutugon sa bawat paratang sa reklamo at naglalaman ng: (a) mga natuklasang katotohanan at mga konklusyon; at (b) ang mga dahilan para sa pinal na desisyon ng ALSDE.

### Pagpapalawig ng Panahon; Huling Desisyon; Pagpapatupad

Ang mga pamamaraan ng ALSDE na inilarawan sa itaas ay dapat ding:

1. Pahintulutan lamang ang pagpapalawig ng limistayon na 60 araw sa kalendaryo kung: (a) umiiral ang mga pambihirang pangyayari kaugnay sa isang partikular na pagrereklamo sa Estado; o (b) ikaw at ang ahensya ng edukasyon ay boluntaryong sumasang-ayon na palawigin ang panahon upang malutas ang usapin sa pamamagitan ng mediation o alternatibong paraan ng paglutas ng hindi pagkakaunawaan.
2. Isama ang mga pamamaraan para sa epektibong pagpapatupad ng panghuling desisyon ng ALSDE, kung kinakailangan, kasama ang: (a) mga aktibidad ng teknikal na tulong; (b) mga negosasyon; at (c) kilos ng pagwawasto upang makamit ang pagsunod.

## PAGHAHAIN NG REKLAMO SA ESTADO AT ANGKOP NA PROSESO (DUE PROCESS)

Kung ang isang nakasulat na pagrereklamo sa Estado na natanggap ay paksa rin ng isang angkop na proseso ng pagdinig tulad ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Reklamo ng Paghahain ng Due Process**, o ang karaingan ng Estado ay naglalaman ng maraming isyu kung saan ang isa o higit pa ay bahagi ng naturang pagdinig, isasantabi ng ALSDE ang anumang bahagi ng karaingan ng Estado na tinutugunan sa angkop na proseso na pagdinig hanggang sa pagtatapos ng pagdinig. Ang anumang isyu sa pagrereklamo sa Estado na hindi bahagi ng angkop na proseso ng pagdinig ay malulutas gamit ang limitasyon sa oras at mga pamamaraang inilarawan sa itaas.

Kung ang isang isyu na iniharap sa isang pagrereklamo sa Estado ay dati nang napagdesisyunan sa isang angkop na proseso ng pagdinig na kinasasangkutan ng parehong mga partido (halimbawa, ikaw at ang paaralan), kung gayon ang desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig ay may bisa sa isyung iyon at dapat ipaalam ng ALSDE sa nagrereklamo na ang desisyon ay may bisa.

Ang isang pagrereklamo sa Estado na nagpaparatang sa paaralan ng kabiguang ipatupad ang isang desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig ay lulutasin ng ALSDE.

Ang ALSDE ay dapat may nakasulat na mga pamamaraan para sa paglutas ng anumang reklamo, kabilang ang reklamo o karaingang inihain ng isang organisasyon o indibidwal mula sa ibang estado.

## PAGHAHAIN NG REKLAMO SA ESTADO

Ang isang organisasyon o indibidwal ay maaaring maghain ng nilagdaang nakasulat na pagrereklamo sa Estado sa ilalim ng mga pamamaraang naunang inilarawan.

Tumatanggap ang Departamento ng mga elektronikong paghahain ng mga reklamo sa Estado, at kailangan ang mga digital na lagda. Kapag nagsumite ng elektronikong reklamo sa Estado, ang Departamento ay:

1. Kikilalanin at patutunayan ang isang partikular na tao bilang pinagmulan ng pahintulot at ipapakita ang pag-apruba ng naturang tao sa impormasyong nakapaloob sa elektronikong pahintulot;
2. Maging sapat upang matiyak na ang isang partidong naghahain ng elektronikong reklamo sa Estado na ang naturang reklamo ay may parehong epekto na gaya ng paghahain sa pamamagitan ng pagsulat; at
3. Tiyakin na ang kaparehong mga kinakailangan sa pagiging kumpidensyal na inilalapat sa nakasulat na mga pagrereklamo sa Estado ay inilalapat din sa mga pagrereklamo sa Estado na inihain sa elektronikong paraan.

I-address ang nakasulat na mga pagrereklamo sa SES ng Tanggapan sa:

E-mail address: sesdr@alsde.edu

Pahatiran ng Sulat: SES WRITTEN COMPLAINT
Special Education Services
Alabama State Department of Education
P.O. Box 30201
Montgomery, AL 36130

Dapat kasama sa pagrereklamo sa Estado ang:

1. Ang pahayag na nilabag ng pampublikong ahensya ang iniaatas ng IDEA o ang ipinatutupad nitong mga regulasyon sa 34 C.F.R. Bahagi 300;
2. Ang mga katotohanan na pinagbatayan ng pahayag;
3. Ang lagda at impormasyon ng kontak para sa paghahain ng reklamo ng partido; at
4. Kung nag-aakusa o nagpaparatang ng mga paglabag tungkol sa isang tiyak o partikular na estudyante:
   a. Ang pangalan ng mag-aaral at address ng tirahan ng mag-aaral;
   b. Ang pangalan ng paaralang pinapasukan ng mag-aaral;
   c. Sa kaso ng isang mag-aaral o kabataan na walang tirahan, ang magagamit na impormasyon sa pakikipag-ugnayan o pagkontak sa mag-aaral, at ang pangalan ng paaralan na pinapasukan ng mag-aaral;
   d. Isang paglalarawan ng kalikasan ng problema ng mag-aaral, kabilang ang mga katotohanang may kaugnayan sa problema; at
   e. Isang iminungkahing paglutas ng problema hangga't alam at magagamit ng partidong naghahain ng reklamo sa oras na inihain ang naturang reklamo.

Ang reklamo ay dapat naghahayag alegasyon ng paglabag na naganap ang hindi hihigit sa isang taon bago ang petsa na ang naturang reklamo ay natanggap tulad ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Pagpapatibay ng Mga Pamamaraan ng Pagrereklamo sa Estado**. Ang partidong naghahain ng reklamo sa Estado ay dapat magpasa ng kopya ng reklamo sa ahensya ng edukasyon na naglilingkod sa mag-aaral kasabay ng paghahain ng reklamo ng partido sa ALSDE.

Ang Departamento ay hindi maglalabas ng mga nakasulat na desisyon bilang tugon sa walang pangalan o hindi nakikilalang mga reklamo.
Gayunpaman, depende sa uri ng walang pangalan o hindi nakikilalang reklamo, maaaring isaalang-alang ng Departamento ang impormasyon bilang bahagi ng pangkalahatang mga responsibilidad sa pangangasiwa sa pamamagitan ng sistema ng pagsubaybay.

Ang ALSDE ay hindi magbibigay ng nakasulat na mga desisyon bilang tugon sa walang pangalan o hindi nakikilalang mga reklamo.

### Model Form ng Pagrereklamo sa Estado

Ang Departamento ay bumuo ng isang model form upang makatulong sa paghahain ng reklamo sa Estado. Gayunpaman, hindi iniaatas ng Departamento ang paggamit ng model form na ito upang maghain ng reklamo sa Estado. Maaari mong gamitin ang model form o ibang form, hangga't naglalaman ito ng kinakailangang impormasyon para sa paghahain ng reklamo sa Estado. Ang model form ng Departamento para sa paghahain ng reklamo sa Estado ay matatagpuan sa: Dispute Written State Complaint o sa www.alabamaachieves.org > Families and Students > Special Education > Dispute Resolution > Dispute Written State Complaint

## MGA PAMAMARAAN NG PAMAMAGITAN (MEDIATION) NG ESTADO

Ginagawa ng Departamento ang mediation upang payagan o bigyang-daan ka at ang pampublikong ahensya na lutasin ang mga hindi pagkakasundo na kinasasangkutan ng anumang bagay sa ilalim ng IDEA, kabilang ang mga bagay na lumilitaw bago ang paghahain ng reklamo sa angkop na proseso. Kaya, magagamit ang mediation upang lutasin ang mga hindi pagkakasundo o hindi pagkakaunawaan sa ilalim ng IDEA.

### Mga Kinakailangan/Iniaatas

Dapat tiyakin ng mga pamamaraan na ang proseso ng mediation ay:

1. Boluntaryo sa iyong panig at sa panig ng pampublikong ahensya;
2. Hindi ito ginagamit upang tanggihan o ibinbin ang iyong karapatan sa isang angkop na proseso ng pagdinig, o upang tanggihan ang anumang iba pang mga karapatang ibinibigay sa ilalim ng IDEA; at
3. Isinasagawa ng isang kwalipikado at walang kinikilingang tagapamagitan na sinanay sa epektibong pamamaraan ng pamamagitan (mediation).

Ang Departamento ay may listahan ng mga taong kuwalipikadong tagapamagitan at alam ang mga batas at regulasyon na may kaugnayan sa pagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

Pinipili ang mga tagapamagitan nang hindi sunod-sunod (random), paikot, o iba pang walang kinikilingang batayan.

Ang Departamento ang responsable para sa gastos ng proseso ng mediation, kasama ang mga gastos sa mga pagpupulong.

Ang bawat pagpupulong sa proseso ng mediation ay dapat na naka-iskedyul sa isang napapanahong paraan at ginaganap sa isang lugar na maginhawa para sa iyo at sa pampublikong ahensya.

Kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay nagreresolba o lumulutas ng hindi pagkakaunawaan sa pamamagitan ng proseso ng mediation, ang parehong partido ay dapat pumasok sa isang legal na may bisang kasunduan na nagtatakda ng resolusyon at:

1. Nagsasabi na ang lahat ng mga talakayan na nangyari sa panahon ng proseso ng mediation ay mananatiling kumpidensyal at hindi maaaring gamitin bilang ebidensya sa anumang kasunod na angkop na proseso ng pagdinig o sibil na paglilitis; at
2. Parehong nilagdaan mo at ng isang kinatawan ng pampublikong ahensya na may awtoridad na saklawin o ibingkis ang pampublikong ahensya.

Ang isang nakasulat at nilagdaang kasunduan sa pamamagitan (mediation) ay maipapatupad sa alinmang korte ng estado na may karampatang hurisdiksyon (isang hukuman na may awtoridad sa ilalim ng batas ng Estado na pakinggan ang ganitong uri ng kaso o sa isang hukuman ng distrito ng Estados Unidos.

Dapat na kumpidensyal ang mga talakayang nangyari sa panahon ng proseso ng mediation. Ang mga ito ay hindi maaaring gamitin bilang ebidensya sa anumang angkop na proseso ng pagdinig sa hinaharap o sibil na paglilitis ng alinmang korte ng pederal o estado.

Gayunpaman, ang mga partido ay hindi inaatasang lagdaan ang isang pangako sa pagiging kumpidensyal bago simulan ang mediation.

### Kawalan ng Pagkiling ng Tagapamagitan (Mediator)

Ang tagapamagitan:

1. Maaaring hindi empleyado ng ahensya ng edukasyon na may kinalaman sa pagtuturo o pangangalaga ng iyong anak; at
2. Hindi dapat magkaroon ng personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa pagiging pantay ng tagapamagitan.
3. Ang isang tao na kwalipikado bilang isang tagapamagitan ay hindi isang empleyado ng Departamento dahil siya ay binabayaran lamang ng Departamento upang magsilbi bilang isang tagapamagitan.

### Form ng Paghiling sa Pamamagitan (Mediation)

Ang Departamento ay bumuo ng isang form ng kahilingan para sa mediation upang makatulong sa paghiling ng mediation. Gayunpaman, hindi iniaatas ng Kagawaran ang paggamit ng form na ito upang humiling ng mediation.

Ang form ng kahilingan para sa mediation ng Departamento ay maaaring matagpuan sa: Kahilingan ng Pamamagitan (Mediation) sa Hindi Pagkakasundo o sa www.alabamaachieves.org > Mga Pamilya at Mag-aaral > Espesyal na Edukasyon > Resolusyon sa Hindi Pagkakasundo > Kahilingan ng Pamamagitan (Mediation) sa Hindi Pagkakasundo.

Ginagawang available ng ALSDE ang mediation upang payagan ka at ang pampublikong ahensya na lutasin ang anumang mga hindi pagkakaunawaan sa ilalim ng IDEA.

Ang mga talakayan sa panahon ng proseso ng mediation ay kumpidensyal at hindi maaaring gamitin bilang ebidensiya sa anumang hinaharap na angkop na proseso ng pagdinig o sibil na paglilitis ng alinmang pederal o pang-estadong hukuman.

# MGA PAMAMARAAN NG PAGDINIG SA ANGKOP NA PROSESO (DUE PROCESS)

## Paghahain ng Reklamo sa Angkop na Proseso

Ikaw o ang pampublikong ahensya ay maaaring maghain ng reklamo sa angkop na proseso sa anumang bagay na may kaugnayan sa:

1. Ang isang panukala o isang pagtanggi na simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o placement sa edukasyon ng iyong anak, o
2. Ang probisyon ng FAPE sa iyong anak.

Ang angkop na proseso ay dapat magpahayag ng alegasyon ng isang paglabag na nangyari nang hindi hihigit sa dalawang (2) taon bago mo nalaman o ng pampublikong ahensya, o kaya naman ay dapat nalaman ang tungkol sa di-umano'y aksyon na bumubuo ng batayan ng reklamo sa angkop na proseso.

Ang timeline sa itaas ay hindi naaangkop sa iyo kung hindi ka makapaghain ng reklamo sa angkop na proseso sa loob ng timeline dahil:

1. Partikular na nagkamali ang pampublikong ahensya na nalutas na nito ang mga isyung tinukoy sa reklamo; o
2. Itinago ng publikong ahensya ang impormasyon sa iyo na kinakailangang ibigay ito sa iyo sa ilalim ng IDEA.

Dapat ipaalam sa iyo ng pampublikong ahensya ang anumang libre o abot-kayang legal na serbisyo at iba pang nauugnay na serbisyong makukuha sa lugar kung hihilingin mo ang impormasyon o kung ikaw o ang pampublikong ahensya ay naghain ng reklamo sa angkop na proseso.

**Alabama Disabilities Advocacy Program (ADAP)**
P.O. Box 870395 · Tuscaloosa, AL 35487-0395 · (800) 826-1675 · www.adap@adap.ua.edu

**Alabama Parent Education Center (APEC)**
10520 US Highway 231 · Wetumpka, AL 36092 · (866) 532-7660 · www.alabamaparentcenter.com

**Mga Legal na Serbisyo ng Alabama (Legal Services Alabama)**
2567 Fairlane Drive, #300 · Montgomery, AL 36116 · (866) 456-4995 · www.legalservicesalabama.org

Maaaring makakuha ng referral sa isang abogadong dalubhasa sa batas sa espesyal na edukasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Alabama State Bar Association sa (800) 392-5660.

## Pagrereklamo sa Angkop na Proseso (Due Process)

Upang humiling ng pagdinig, ikaw o ang pampublikong ahensya (o ang iyong abogado o ang abogado ng pampublikong ahensya) ay dapat magsumite ng isang reklamo sa angkop na proseso sa kabilang partido. Ang reklamong iyon ay dapat maglaman ng lahat ng nilalalaman na nakalista sa ibaba at dapat panatilihing kumpidensyal.

Ang pampublikong ahensya ang responsable sa pagsasagawa at mga gastos sa pagdinig.

## Mga Nilalaman ng Reklamo sa Angkop na Proseso

Dapat kabilang sa reklamo sa angkop na proseso (due process) ang mga sumusunod:

1. Ang pangalan ng mag-aaral;
2. Ang address ng tinitirhan ng mag-aaral;
3. Ang pangalan ng paaralan ng mag-aaral;
4. Kung ang mag-aaral ay isang mag-aaral o kabataan na walang tirahan o tinitirhan, ang impormasyon ng kontak ng mag-aaral at ang pangalan ng paaralan ng mag-aaral;
5. Isang paglalarawan ng uri ng problema ng mag-aaral na may kaugnayan sa iminungkahi o tinanggihang pagsisimula o pagbabago, kabilang ang mga katotohanang nauugnay sa problema; at
6. Isang iminungkahing paglutas o resolusyon ng problema hanggang sa abot ng kaalaman at magagamit ng nagrereklamong partido (ikaw o ang pampublikong ahensya) sa panahong iyon.

Maaaring makakuha ng referral sa isang abogado na dalubhasa sa batas sa espesyal na edukasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Alabama State Bar Association sa (800) 392-5660.

## Kinakailangan ang Abiso Bago ang Pagdinig sa Reklamo sa Angkop na Proseso

Ikaw o ang pampublikong ahensya ay maaaring hindi magkaroon ng angkop na proseso (due process) na pagdinig hanggang ikaw o ang pampublikong ahensya ay maghain ng reklamo sa angkop na proseso na kinabibilangan ng mga impormasyong nakalista sa itaas.

## Kasapatan ng Reklamo

Para magpatuloy ang isang reklamo sa angkop na proseso, dapat itong ituring na may kasapatan. Ang reklamo sa angkop na proseso ay maituturing na may kasapatan, (para matugunan ang mga kinakailangang nilalaman sa itaas) maliban kung ang partidong tumatanggap ng reklamo sa angkop na proseso (ikaw o ang pampublikong ahensya) ay mag-abiso sa opisyal ng pagdinig at kabilang partido
sa pamamagitan ng pagsulat sa loob ng 15 araw sa kalendaryo simula sa araw na matanggap ang reklamo, na ang tumatanggap na partido ay naniniwala na ang reklamo sa angkop na proseso ay hindi nakatutugon sa mga kinakailangang nakalista sa itaas.

Sa loob ng limang (5) araw sa kalendaryo mula sa pagkatanggap ng abiso na kinukunsidera ng tumatanggap na partido na ang reklamo sa angkop na proseso ay hindi nakatutugon sa mga kinakailangang nakalista sa itaas, ang opisyal ng pagdinig ay dapat magpasya kung ang reklamo sa proseso ay nakatutugon sa mga kinakailangang nakalista sa itaas, at dapat ikaw at ang pampublikong ahensya ay dapat abisuhan agad sa pamamagitan ng pagsulat.

Para magpatuloy ang isang reklamo sa angkop na proseso, dapat itong ituring na may kasapatan.

## Pag-amyenda/Pagbabago sa Reklamo

Ikaw o ang pampublikong ahensya ay maaari lamang mag-amyenda/magbago ng reklamo kung:

1. Inaaprubahan ng kabilang partido ang mga pag-amyenda/pagbabago sa pamamagitan ng pagsulat at binibigyan ng pagkakataong lutasin ang reklamo sa angkop na proseso sa pamamagitan ng isang pulong ng resolusyon, na inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Proseso ng Resolusyon/Paglutas**; o
2. Ang opisyal ng pagdinig ay nagbibigay ng pahintulot para sa mga pagbabago nang hindi lalampas sa limang (5) araw bago magsimula ang angkop na proseso ng pagdinig.

Kung ang nagrereklamong partido ay gumagawa ng mga pagbabago sa reklamo sa angkop na proseso, ang mga timeline para sa pagpupulong ng resolusyon (sa loob ng 15 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang reklamo) at ang yugto ng panahon para sa resolusyon o paglutas (sa loob ng 30 araw sa kalendaryo ng pagkatapos matanggap ang reklamo) ay magsisimulang muli sa petsa ng paghahain ng inamyedahan/binagong reklamo.

## Tugon ng Pampublikong Ahensya sa Reklamo sa Angkop na Proseso (Due Process)

Kung ang pampublikong ahensya ay hindi nagpadala ng paunang liham sa iyo, tulad ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Paunang Nakasulat na Abiso**, patungkol sa paksang nakapaloob sa iyong reklamosa angkop na proseso, ang pampublikong ahensya ay dapat na magpadala sa iyo ng tugon sa loob ng 10 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang reklamo sa angkop na proseso na kinabibilangan ng:

1. Ang paliwanag kung bakit nagpanukala o tinanggihan ng pampublikong ahensya ang pag-aksyon sa inihaing reklamo sa angkop na proseso;
2. Isang paglalarawan ng iba pang mga opsyon na isinasaalang-alang ng IEP Team ng iyong anak at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong iyon;
3. Isang paglalarawan ng bawat pamamaraan ng pagsusuri, pagtatasa, talaan, o ulat na ginamit ng pampublikong ahensya bilang batayan para sa iminungkahi o tinanggihang aksyon; at
4. Isang paglalarawan ng iba pang mga salik na nauugnay sa iminungkahi o tinanggihang aksyon ng pampublikong ahensya.

Ang pagbibigay ng impormasyon sa mga item na 1-4 sa itaas ay hindi pumipigil sa pampublikong ahensya na igiit na hindi sapat ang iyong reklamo sa angkop na proseso.

## Tugon ng Iba Pang Partido sa Reklamo sa Angkop na Proseso (Due Process)

Maliban sa nakasaad sa ilalim ng subheading na nasa itaas mismo, sa pagtugon ng pampublikong ahensya sa reklamo sa angkop na proseso, ang partidong tumatanggap ng reklamo sa angkop na proseso ay dapat na magpadala sa kabilang partido ng tugon na partikular na tumutugon sa mga isyu sa reklamo sa loob ng 10 araw sa kalendaryo mula sa pagkatanggap ng reklamo.

Ang model form ng kahilingan sa angkop na proseso ng pagdinig ay maaaring matagpuan sa alabamaachieves.org.

## Model Form ng Reklamo sa Angkop na Proseso (Due Process)

Ang Departamento ay bumuo ng mga model form na tutulong sa iyo na maghain ng reklamo sa angkop na proseso. Gayunpaman, ang Departmento ay hindi nag-aatas na gamitin ang model form na ito. Maaari mong gamitin ang model form o isa pang naaangkop na form, hangga't naglalaman ito ng kinakailangang mga impormasyon para sa paghahain ng reklamo sa angkop na proseso.

Ang model form ng reklamo sa angkop na proseso ng pagdinig ay maaaring matagpuan sa: Reklamo sa Angkop na Proseso para sa Hindi Pagkakasundo
o sa www.alabamaachieves.org > Mga Pamilya at Mag-aaral > Espesyal na Edukasyon > Resolusyon sa Hindi Pagkakasundo > Reklamo sa Angkop na Proseso para sa Hindi Pagkakasundo.

## PROSESO NG RESOLUSYON

### Pagpupulong para sa Resolusyon

Sa loob ng 15 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang abiso ng iyong reklamo sa angkop na proseso at bago magsimula ang pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso, ang pampublikong ahensya ay dapat magpatawag ng isang pulong sa iyo at sa nauugnay na miyembro o mga miyembro ng IEP Team na may partikular na kaalaman sa mga katotohanang tinukoy sa iyong reklamo sa angkop na proseso.

Ang pagpupulong:

1. Dapat isama ang isang kinatawan ng pampublikong ahensya na may awtoridad sa paggawa ng desisyon sa ngalan ng pampublikong ahensya; at
2. Maaaring hindi magsama ng abogado ng pampublikong ahensya maliban kung may kasama kang abogado.

Ikaw at ang pampublikong ahensya ang nagpapasya sa mga kaugnay na miyembro ng IEP Team na dadalo sa pulong. Ang layunin ng pagpupulong ay para talakayin ninyo ang iyong reklamo sa angkop na proseso, at ang mga katotohanan na bumubuo ng batayan ng reklamo upang ang pampublikong ahensya ay magkaroon ng pagkakataon na lutasin ang hindi pagkakasundo.

Ang pagpupulong para sa resolusyon ay hindi kinakailangan kung:

1. Ikaw at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat na talikdan ang pulong; o
2. Ikaw at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon na gamitin ang proseso ng mediation, gaya ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na**Pamamagitan (Mediation)**.

### Panahon ng Resolusyon

Kung hindi naresolba ng pampublikong ahensya ang iyong reklamo ayon sa iyong kasiyahan sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula sa pagkatanggap ng reklamo sa angkop na proseso (sa yugto ng panahon para sa proseso ng resolusyon o paglutas), maaaring isagawa ang pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso.

Ang timeline na 45 araw sa kalendaryo para sa paglalabas ng panghuling desisyon sa pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso, gaya ng inilarawan sa pamagat na **Mga Desisyon sa Pagdinig**, ay nagsisimula sa pagkapaso ng panahon ng 30 araw sa kalendaryo na panahon sa resolusyon, mapuwera sa ilang mga pagsasaayos na isinagawa sa panahon ng resolusyon na 30 araw sa kalendaryo, gaya ng inilalarawan sa ibaba.

Maliban kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay parehong sumang-ayon na talikdan ang proseso ng resolusyon o gamitin ang mediation, ang iyong hindi pagsali sa pulong ng resolusyon ay mag-aantala ng mga timeline para sa proseso ng resolusyon at angkop na proseso ng pagdinig hanggang sa ganapin ang pulong.

Kung pagkatapos gumawa ng mga makatwirang pagsisikap at pagdodokumento ng mga naturang pagsisikap ay hindi makuha ng pampublikong ahensya ang iyong pakikilahok sa pagpupulong ng resolusyon, ang pampublikong ahensya ay maaaring humiling na pawalang-saysay ng isang opisyal ng pagdinig ang iyong reklamo sa angkop na proseso sa pagtatapos ng 30 araw sa kalendaryo na panahon sa resolusyon. Ang dokumentasyon ng naturang mga pagsisikap ay dapat magsama ng isang talaan ng mga pagtatangka ng pampublikong ahensya na ayusin ang isang pinagkasunduang oras at lugar, tulad ng:

1. Mga detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono na ginawa o sinubukan at ang mga resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng sulat na ipinadala sa iyo at anumang mga tugon na natanggap; at
3. Mga detalyadong tala ng mga pagbisita na ginawa sa iyong tahanan o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Kung nabigo ang pampublikong ahensya na isagawa ang pagpupulong para sa resolusyon sa loob ng 15 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang abiso ng iyong reklamo sa angkop na proseso o nabigong lumahok sa pulong para sa resolusyon, maaari mong hilingin sa isang opisyal ng pagdinig na simulan ang 45 araw sa kalendaryo na timeline ng angkop na proseso ng pagdinig.

Kung hindi naresolba ng pampublikong ahensya ang reklamo sa angkop na proseso ayon sa iyong kasiyahan sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang reklamo sa angkop na proseso (sa yugto ng panahon ng proseso ng resolusyon), maaaring isagawa ang angkop na proseso ng pagdinig.

### Mga Pagsasaayos sa Panahon ng Resolusyon na 30 Araw sa Kalendaryo

Kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon o nagkakasundo sa pamamagitan ng pagsulat na talikdan ang pagpupulong para sa resolusyon, ang 45 araw sa kalendaryo na timeline para sa angkop na proseso ng pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

Pagkatapos ng pagsisimula ng mediation o pagpupulong para sa resolusyon at bago matapos ang 30 araw sa kalendaryo na panahon sa resolusyon, kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon o nagkakasundo sa pamamagitan ng pagsulat na walang posibleng mapagkasunduan, kung gayon ay magsisimula ang timeline na 45 araw sa kalendaryo para sa angkop na proseso ng pagdinig sa susunod na araw.

Kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon o nagkakasundo na gamitin ang proseso ng mediation ngunit hindi pa nakakaabot sa isang kasunduan sa pagtatapos ng 30 araw sa kalendaryo na panahon sa resolusyon, ang proseso ng mediation ay maaaring ipagpatuloy hanggang sa maabot ang isang kasunduan kung ang parehong partido ay sumasang-ayon sa pagpapatuloy sa pamamagitan ng pagsulat. Gayunpaman, kung ikaw o ang pampublikong ahensya ay aalis sa proseso ng mediation sa panahon ng pagpapatuloy na ito, ang 45 araw sa kalendaryo na timeline para sa angkop na proseso ng pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

### Nakasulat na Kasunduan ng Pag-areglo

Kung ang isang resolusyon sa hindi pagkakasundo ay naabot sa pulong para sa resolusyon, ikaw at ang pampublikong ahensya ay dapat pumasok sa isang legal na may bisang nagbibigkis na kasunduan na:

1. Nilagdaan mo at ng isang kinatawan ng pampublikong ahensya na may awtoridad na saklawin ang pampublikong ahensya; at
2. Maipapatupad sa alinmang korte ng estado na may karampatang hurisdiksyon (isang hukuman ng estado na may awtoridad na dinggin ang ganitong uri ng kaso) o sa korte ng distrito ng Estados Unidos.

Kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay pumasok sa isang kasunduan bilang resulta ng isang pulong para sa resolusyon, maaaring pawalang-bisa ng alinmang partido ang kasunduan sa loob ng tatlong (3) araw na may trabaho mula sa oras na ikaw at ang pampublikong ahensya ay parehong lumagda sa kasunduan.

## ANGKOP NA PROSESO NG PAGDINIG NA WALANG KINIKILINGAN

Sa tuwing maghahain ng reklamo sa angkop na proseso, ikaw o ang pampublikong ahensyang sangkot sa hindi pagkakasundo ay dapat magkaroon ng pagkakataon para sa isang walang kinikilingang pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso, gaya ng inilarawan sa mga seksyon ng Reklamo sa Angkop na Proseso (Due Process) at Proseso ng Resolusyon.

### Walang Kinikilingang Opisyal ng Pagdinig

Sa pinakamababa, ang opisyal ng pagdinig ay:

1. Hindi dapat isang empleyado ng pampublikong ahensya o anumang ahensya ng estado na may kinalaman sa edukasyon o pangangalaga ng mag-aaral. Gayunpaman, ang isang tao ay hindi empleyado ng ahensya dahil siya ay binabayaran lamang ng ahensya upang magsilbi bilang isang opisyal ng pagdinig;
2. Hindi dapat magkaroon ng personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa pagiging pantay sa pagdinig ng opisyal ng pagdinig;
3. Dapat na may kaalaman at nauunawaan ang mga probisyon ng IDEA, mga regulasyong pederal at estado na nauukol sa IDEA, at mga legal na interpretasyon ng IDEA ng mga korte ng pederal at estado; at
4. Dapat magkaroon ng kaalaman at kakayahang magsagawa ng mga pagdinig, at gumawa at magsulat ng mga desisyon, na naaayon sa naaangkop at karaniwang legal na kasanayan.

Iniingatan ng Departamento ang isang listahan ng mga taong nagsisilbi bilang mga opisyal ng pagdinig na may kasamang pahayag ng mga kwalipikasyon ng bawat opisyal ng pagdinig.

### Paksa ng Pagdinig sa Angkop na Proseso (Due Process)

Ang partidong humihiling sa angkop na proseso na pagdinig ay hindi maaaring maglabas ng mga isyu sa pagdinig nang hindi natutugunan sa reklamo sa angkop na proseso maliban kung sumasang-ayon ang kabilang partido.

### Timeline para sa Paghiling ng Pagdinig

Ikaw o ang pampublikong ahensya ay dapat humiling ng walang kinikilingang pagdinig sa reklamo sa angkop na proseso sa loob ng dalawang (2) taon mula sa petsa nang malaman o dapat pagkaalam mo o ng pampublikong ahensya ang tungkol sa isyung tinutugunan sa reklamo.

Kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon o nagkakasundo sa pamamagitan ng pagsulat na talikdan ang pagpupulong para sa resolusyon, kung gayon ang 45 araw sa kalendaryo na timeline para sa angkop na proseso na pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw.

Iingatan ng ALSDE ang listahan ng mga taong nagsisilbing mga opisyal ng pagdinig na kabilang ang pahayag ng mga kwalipikasyon ng bawat opisyal ng pagdinig.

## Mga Eksepsyon/Pagbubukod sa Timeline

Ang timeline sa ibaba ay hindi naaangkop o ilalapat sa iyo kung hindi ka maaaring maghain ng reklamo sa angkop na proseso dahil:

1. Partikular na nagkamali ang pampublikong ahensya na nalutas o naresolba na nito ang problema o isyu na iyong inihain sa iyong reklamo; o
2. Itinago sa iyo ng pampublikong ahensya ang impormasyon iyo na kinakailangan o iniaatas dito na ibigay sa iyo sa ilalim ng IDEA.

## Mga Karapatan sa Pagdinig

Ang sinumang partido sa isang angkop na proseso ng pagdinig (kabilang ang isang pagdinig na may kaugnayan sa mga pamamaraan ng pagdidisiplina) ay may karapatan na:

1. Samahan at payuhan ng isang abogado at/o mga taong may espesyal na kaalaman o pagsasanay tungkol sa mga problema ng mga mag-aaral na may mga kapansanan;
2. Magpakita ng ebidensya at humarap/harapin, magsulit-tanong, at kailanganin ang pagdalo ng mga saksi;
3. Ipinagbabawal ang pagpapakilala ng anumang ebidensiya sa pagdinig na hindi pa naisisiwalat o nabubunyag sa partidong iyon nang hindi bababa sa limang (5) araw na may trabaho bago ang pagdinig;
4. Kumuha ng nakasulat, o, sa iyong opsyon, electroniko at bawat salitang nakarekord sa pagdinig; at
5. Kumuha ng nakasulat, o, sa iyong opsyon, mga natuklasang katotohanan sa pormang elektroniko at mga desisyon.

Ang partido na nagpasimula ng reklamo sa angkop na proseso ay may pasanin ng patunay o responsibilidad na patunayan ang mga paratang o alegasyon ng reklamo.

## Karagdagang Pagsisiwalat ng Impormasyon

Hindi bababa sa limang (5) araw na may trabaho bago ang isang angkop na proseso ng pagdinig, dapat na ikaw at ang pampublikong ahensiya ay magsiwalat sa isa't isa ng lahat ng mga pagsusuri na nakumpleto sa petsang iyon at ng mga rekomendasyon batay sa mga pagsusuring iyon na nilalayon mo o ng pampublikong ahensya na gamitin sa pagdinig.

Maaaring pigilan ng isang opisyal ng pagdinig ang sinumang partido na nabigong sumunod sa iniaatas na ito na ipakilala o iprisenta ang nauugnay na pagsusuri o rekomendasyon sa pagdinig nang walang pahintulot ng kabilang partido.

## Mga Karapatan ng Magulang sa Mga Pagdinig

Dapat kang bigyan ng karapatan na:

1. Iharap ang iyong anak sa pagdinig;
2. Buksan sa publiko ang pagdinig; at
3. Magkaroon ng tala/rekord ng pagdinig, ang natuklasang katotohanan, at mga desisyon na ibibigay sa iyo nang walang gastos/bayad.

## Mga Desisyon ng Pagdinig

Ang desisyon ng opisyal ng pagdinig kung nakatanggap ng FAPE ang iyong anak ay dapat na nakabatay sa ebidensya at mga argumento na direktang nauugnay sa FAPE.

Sa mga bagay na nagpaparatang sa isang paglabag sa pamamaraan (tulad ng "isang hindi kumpletong Team ng IEP"), maaaring lamang malaman ng isang opisyal ng pagdinig na ang iyong anak ay hindi nakatanggap ng FAPE kung ang mga paglabag sa pamamaraan ay:

1. Pinanghimasukan o hinadlangan ang karapatan ng iyong anak sa FAPE;
2. Labis na pinakialaman o hinadlangan ang iyong pagkakataong lumahok sa proseso ng paggawa ng desisyon tungkol sa pagbibigay ng FAPE sa iyong anak; o
3. Naging dahilan upang ang iyong anak ay mawalan ng benepisyong pang-edukasyon.

Wala sa mga probisyon na inilalarawan sa itaas ang maaaring bigyan ng interpretasyon para pigilan ang isang opisyal ng pagdinig sa pag-uutos sa pampublikong ahensya na sumunod sa mga iniaatas sa seksyon ng mga pamamaraan ng pangangalaga sa mga karapatan sa pederal na regulasyon sa ilalim ng IDEA (34 C.F.R. §§ 300.500 hanggang 300.536.

Kasunod ng placement ng mag-aaral sa isang pribadong paaralan o para sa patuloy na paglalagay sa isang pribadong paaralan, ang pribadong paaralan ay hindi maaaring matukoy na isang naaangkop na placement ng opisyal ng pagdinig kung ang pampublikong ahensya ay hindi pinahintulutang gamitin ang responsibilidad nito upang matiyak ang probisyon ng FAPE para sa mag-aaral.

Dapat kang bigyan ng karapatan na: iharap ang iyong anak sa pagdinig; buksan ang pagdinig sa publiko; at magkaroon ng rekord o tala ng pagdinig, ang mga pagtuklas ng katotohanan, at ang mga desisyon na ibinigay sa iyo nang walang gastos o bayad.

### Hiwalay na Kahilingan para sa Angkop na Proseso ng Pagdinig

Wala sa seksyon ng mga pamamaraan ng pangangalaga sa mga karapatan ng mga pederal na regulasyon sa ilalim ng IDEA (34 C.F.R.
§§ 300.500 hanggang 300.536 ang maaaring bigyan ng interpretasyon na pigilan kang maghain ng reklamo sa angkop na proseso para sa isang isyu na hiwalay mula sa reklamo sa angkop na proseso na naihain na.

### Mga Natuklasan at Desisyon na Ibinigay sa Panel ng Pagpapayo at Pangkalahatang Publiko

Ang Departamento, pagkatapos tanggalin ang anumang personal na impormasyong mapagkakakilanlan, ay dapat na:

1. Magbigay ng mga natuklasan at desisyon sa pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso sa Special Education Advisory Panel (SEAP) ng estado; at
2. Gawing available sa publiko ang mga natuklasan at desisyong iyon.

### Pagiging Pinal ng Desisyon at Apela

Ang desisyong ginawa sa pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso (kabilang ang pagdinig na nauugnay sa mga pamamaraang pandisiplina ay pinal, maliban na ang alinmang partidong kasangkot sa pagdinig ay maaaring umapela sa desisyon sa pamamagitan ng pagdadala ng sibil na aksyon, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Mga Sibil na Aksyon**, kabilang ang **Tagal ng Panahon ng Paghahain ng Mga Aksyong Iyon**.

### Mga Timeline at Kaginhawaan ng mga Pagdinig

Dapat tiyakin ng Departmento na hindi lalampas sa 45 araw sa kalendaryo pagkatapos ng pagkapaso ng 30 araw sa kalendaryo na panahon ng mga pagpupulong para sa resolusyon, o gaya ng inilalarawan sa ilalim ng subheading na **Pag-aayos sa Panahon ng Resolusyon na 30 Araw sa Kalendaryo**, na hindi lalampas sa 45 araw sa kalendaryo pagkatapos mapaso ang isinaayos na yugto ng panahon:

1. Naabot ang pinal na desisyon sa pagdinig; at
2. Ang kopya ng desisyon ay ipinapadala sa koreo sa bawat isa sa mga partido.

Ang opisyal ng pagdinig ay maaaring magbigay ng partikular na paglalawig ng panahon nang lampas sa 45 na araw sa kalendaryo na inilarawan sa itaas sa kahilingan ng alinman sa partido. Ang bawat pagpapalawig ay hindi dapat lalampas sa 45 araw. Para sa pagsasaalang-alang ng pagpapalawig, dapat bigyang konsiderasyon ng opisyal ng pagdinig ang mga sumusunod:

1. Ang mga negatibong epekto ng pagpapalawig ng panahon na nakakapagpaantala ng edukasyon ng isang mag-aaral;
2. Ang kakayahan ng humihiling na partido na maiwasan ang paghiling ng pagpapalawig;
3. Kung ang kahilingan ng pagpapalawig ay mula sa petitioner, kung nagkaroon ng pagkakataon ang petitioner na maghanda nang sapat bago maghain para sa isang pagdinig;
4. Ang mga negatibong epekto ng pagtanggi sa kahilingan para sa pagpapalawig;
5. Ang layunin ng IDEA 2004 ay mapabilis ang impormal na administratibong paglilitis; at
6. Kung ang pagbibigay ng kahilingan para sa isang pagpapalawig ay magpapawalang-bisa sa layunin ng batas na pabor sa kaginhawahan ng mga partido.

Ang opisyal ng pagdinig ay hindi dapat magbigay ng pagpapalawig para sa isang pagdinig maliban kung ibinigay na may matibay na dahilan o isang tiyak na pagpapakita ng malaking paghihirap.

Ang opisyal ng pagdinig ay dapat tumugon nang nakasulat sa bawat kahilingan para sa pagpapalawig. Dapat kasama sa bawat tugon ang natuklasang katotohanan at konklusyon kung bakit umiiral ang mabuting layunin. Dapat maging bahagi ng mga tala/rekord ang bawat tugon. Kung ipinagkaloob ang pagpapalawig, ang opisyal ng pagdinig ay magtatakda ng bagong petsa para sa pagdinig at aabisuhan ang mga partido ng petsa sa pamamagitan ng pagsulat.

Ang bawat pagdinig ay dapat isagawa sa isang oras at lugar na makatwirang maginhawa para sa iyo at sa iyong anak.

## MGA SIBIL NA AKSYON

Ang sinumang partido na hindi sumasang-ayon sa mga natuklasan at desisyon sa angkop na proseso ng pagdinig (kabilang ang isang pagdinig na may kaugnayan sa mga pamamaraan ng pagdidisiplina) ay may karapatang maghain ng sibil na aksyon na may kinalaman sa usapin na naging paksa ng pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso. Ang aksyon ay maaaring dalhin sa isang korte ng estado na may karampatang hurisdiksyon (isang korte ng estado na may awtoridad na dinggin ang ganitong uri ng kaso) o sa isang korte ng distrito ng Estados Unidos nang walang pagsasaalang-alang sa halagang pinagtatalunan.

Ang bawat pagdinig ay dapat isagawa sa isang oras at lugar na
kumbinyente para sa iyo at sa iyong anak.

Ang opisyal ng pagdinig ay hindi dapat magbigay ng pagpapalawig para sa isang pagdinig maliban kung binigyan ng kinakailangan o matibay na dahilan o isang tiyak na pagpapakita ng malaking paghihirap.

### Limitasyon ng Panahon
Ang partidong magdadala ng aksyon ay dapat magkaroon ng 30 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng desisyon ng opisyal ng pagdinig na maghain ng sibil na aksyon.

### Mga Karagdagang Pamamaraan
Sa anumang sibil na aksyon, ang korte ay:

1. Tumatanggap ng mga tala/rekord ng administratibong paglilitis;
2. Dumirinig sa karagdagang ebidensiya sa iyong kahilingan o sa kahilingan ng pampublikong ahensya; at
3. Ibinabatay ang desisyon nito sa pananaig ng ebidensya at nagbibigay ng kaluwagan na tinutukoy ng korte na naaangkop.

Sa ilalim ng naaangkop na mga pangyayari, maaaring kabilang sa hudisyal na tulong-kaluwagan ang pagbabalik ng bayad ng matrikula sa pribadong paaralan at mga serbisyong pambawi o katumbas ng nawala o hindi naibigay na serbisyo sa edukasyon.

## HURISDIKSYON NG MGA KORTE NG DISTRITO
Ang mga korte ng distrito ng Estados Unidos ay may awtoridad na magpasya sa mga aksyon na dinala sa ilalim ng IDEA nang walang pagsasaalang-alang sa halaga ng pinagtatalunan.

## ALITUNTUNIN NG PAGBUO
Wala sa IDEA ang naghihigpit o naglilimita sa mga karapatan, pamamaraan, at solusyon na makukuha sa ilalim ng Konstitusyon ng U.S., ang Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan na ipinasa noong 1990, Title V ng Batas ng Rehabilitasyon noong 1973 (Seksyon 504), o iba pang pederal na batas na nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga estudyanteng may mga kapansanan, maliban na bago ang pagsasampa ng isang aksyong sibil sa ilalim ng mga batas na ito na humihingi ng tulong-kaluwagan na makukuha rin sa ilalim ng IDEA, ang mga pamamaraan sa angkop na proseso (due process) na inilarawan sa itaas ay dapat na magamit na lahat sa parehong hangganang kinakailangan kung ang partido ay naghain ng aksyon sa ilalim ng IDEA.

## PLACEMENT NG MAG-AARAL HABANG NAKABINBIN ANG REKLAMO SA ANGKOP NA PROSESO (DUE PROCESS) AT PAGDINIG
Maliban kung ipinagkakaloob sa ibaba sa ilalim ng pamagat na **Mga Pamamaraan Kapag Nagdidisiplina sa mga Mag-aaral na may Mga Kapansanan**, kapag ang isang angkop na proseso na reklamo ay ipinadala sa kabilang partido, sa panahon ng proseso ng resolusyon, at habang naghihintay para sa desisyon ng anumang walang kinikilingan na angkop na proseso ng pagdinig o paglilitis sa korte, maliban kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay magkasundo, ang iyong anak ay dapat manatili sa kanyang kasalukuyang kinalalagyan o placement sa edukasyon.

Kung ang reklamo sa angkop na proseso ay nagsasangkot ng aplikasyon para sa paunang pagpasok sa pampublikong paaralan, ang iyong anak, sa iyong pahintulot, ay dapat ilagay sa regular na programa ng pampublikong paaralan hanggang sa makumpleto ang lahat ng naturang paglilitis.

Kung ang reklamo sa angkop na proseso ay nagsasangkot ng aplikasyon para sa mga paunang serbisyo sa ilalim ng IDEA para sa isang mag-aaral na lumilipat mula sa tulong sa ilalim ng Bahagi C ng IDEA patungo sa Bahagi B ng IDEA at hindi na kwalipikado para sa mga serbisyo ng Bahagi C dahil ang mag-aaral ay tatlong taong gulang na, ang pampublikong ahensya ay hindi inaatasang magbigay ng mga serbisyo ng Bahagi C na natatanggap ng mag-aaral. Kung ang mag-aaral ay napatunayang kwalipikado sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA at pinahihintulutan mo ang iyong anak na makatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, kung gayon, habang nakabinbin ang resulta ng mga paglilitis, ang pampublikong ahensya ay dapat magbigay ng mga espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo na hindi pinagtatalunan.

Kung ang isang opisyal ng pagdinig sa isang angkop na proseso ng pagdinig ay sumasang-ayon sa iyo na ang pagbabago ng placement ay angkop, ang placement na iyon ay dapat ituring bilang placement ng edukasyon ng iyong anak, kung saan ang iyong anak ay mananatili habang naghihintay sa desisyon ng anumang walang kinikilingan na angkop na proseso ng pagdinig o paglilitis ng korte.

## MGA BAYAD SA ABOGADO
Sa anumang aksyon o paglilitis na dinala sa ilalim ng IDEA, ang korte, sa pagpapasya nito, ay maaaring magbigay ng makatwirangkabayaran sa mga abogado bilang bahagi ng gastusin mo kung ikaw ay mananaig (manalo).

Kung magpasya kang magkaroon ng isang abogado na dumalo at lumahok sa mga pagpupulong para sa resolusyon o mga pulong ng pamamagitan (mediation), ang mga bayarin sa abogado na sinisingil sa iyo ay maaaring hindi bayaran o saklawin ng pampublikong ahensya. Dahil ang layunin ng pagpupulong para sa resolusyon at pamamagitan ay isang pagkakataon para sa magulang at pampublikong

Ang partidong magdadala ng aksyon ay dapat magkaroon ng 30 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng desisyon ng opisyal ng pagdinig na maghain ng sibil na aksyon.

Ang mga korte ng distrito ng Estados Unidos ay may awtoridad na mamuno sa mga aksyong dala ng IDEA nang walang pagsasaalang-alang sa dami o halaga ng pinagtatalunan.

ahensya upang magkaroon ng resolusyon o malutas ang isyu at gumawa ng mga kasunduan para rito, ang paglahok ng abogado sa pulong ng resolusyon at pulong ng pamamagitan ay hindi tama para sa alinmang partido.

Sa anumang aksyon o paglilitis na dinala sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, ang korte, sa pagpapasya nito, ay maaaring magbigay ng makatwirang bayad sa mga abogado bilang bahagi ng gastusin sa umiiral na Ahensiya ng Edukasyon ng Estado, pampublikong ahensya, na babayaran ng iyong abogado, kung ang abogado ay:

1. Naghain ng reklamo o kaso sa korte na napag-alaman ng korte na walang kabuluhan, hindi makatwiran, o walang batayan; o
2. Nagpatuloy sa paglilitis pagkatapos na ang paglilitis ay malinaw na naging walang kabuluhan, hindi makatwiran, o walang batayan; o sa anumang aksyon o paglilitis na dinala sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, ang korte, sa pagpapasya nito, ay maaaring magbigay ng makatwirang bayad sa mga abogado bilang bahagi ng mga gastos sa umiiral na Ahensya ng Edukasyon ng Estado, ang pampublikong ahensya, na babayaran mo o ng iyong abogado, kung ang iyong kahilingan para sa isang angkop na proseso ng pagdinig o mas huling kaso ng korte ay iniharap para sa anumang hindi tamang layunin, tulad ng panliligalig, upang magdulot ng hindi kinakailangang pagkaantala, o upang hindi kinakailangang taasan ang halaga ng aksyon o paglilitis (pagdinig).

## Pagbibigay ng Kabayaran

Ang korte ay nagbibigay ng makatwirang bayad sa abogado gaya ng mga sumusunod:

1. Ang mga bayarin ay dapat na nakabatay sa mga rate na umiiral sa komunidad kung saan lumitaw o nagmula ang aksyon o paglilitis para sa uri at kalidad ng mga serbisyong ibinigay. Walang bonus o multiplier ang maaaring gamitin sa pagkalkula ng ibinigay na bayad.
2. Ang mga bayad sa abogado ay hindi maaaring igawad at ang mga kaugnay na gastos ay hindi maaaring ibalik sa anumang aksyon o pagpapatuloy sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA para sa mga serbisyong isinagawa pagkatapos na isang nakasulat na alok ng kasunduan ay ginawa para sa iyo kung:
    a. Ang alok ay ginawa sa loob ng panahong itinakda ng Alintuntunin 68 ng Pederal na Alituntunin ng Sibil na Pamamaraan o, sa kaso ng isang angkop na proseso ng pagdinig o pagrepaso sa antas ng Estado, sa anumang panahon na higit sa 10 araw sa kalendaryo bago magsimula ang paglilitis;
    b. Ang alok ay hindi tinanggap sa loob ng 10 araw ng kalendaryo; at
    c. Napag-alaman ng korte o opisyal ng administratibong pagdinig na ang tulong-kaluwagan na iyong nakuha ay hindi gaanong pabor sa iyo kumpara sa alok na areglo o kasunduan.

   Sa kabila ng mga paghihigpit na ito, ang pagbibigay ng kabayaran sa abogado at mga kaugnay na gastos ay maaaring gawin sa iyo kung ikaw ay mananaig, at ikaw ay lubos na nabigyang-katwiran sa pagtanggi sa alok sa areglo o kasunduan.
3. Ang mga kabayaran ay maaaring hindi ibigay na may kaugnayan sa anumang pagpupulong ng Team ng IEP maliban kung ang pulong ay gaganapin bilang resulta ng isang administratibong paglilitis o aksyon ng korte.

Ang mga kabayaran ay hindi maaaring ibigay para sa mediation gaya ng inilarawan sa pamagat na **Pamamagitan (Mediation)**.
Ang pulong para sa resolusyon, gaya ng inilarawan sa ilalim ng pamagat ma **Proseso ng Resolusyon**, ay hindi itinuturing na isang pulong na ipinatawag bilang isang resulta ng isang administratibong pagdinig o aksyon ng korte, at hindi rin itinuturing na isang administratibong pagdinig o aksyon ng korte para sa mga layunin ng mga probisyon sa mga bayarin ng mga abogadong ito.

Binabawasan ng korte, kung naaangkop, ang halaga ng bayad sa mga abogado na iginagawad sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kung napag-alaman ng korte na:

1. Hindi makatwiran ang ginawang pag-antala mo o ng iyong abogado sa desisyon sa panahon ng aksyon o paglilitis;
2. Ang halaga ng kabayaran ng mga abogado na ibingay ay hindi makatwirang lumampas sa halaga bawat oras na umiiral sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo ng mga abogado na may makatuwirang katulad na kasanayan, reputasyon, at karanasan;
3. Labis ang oras na ginugol o ang mga legal na serbisyong ibinigay kung bibigyang-konsiderasyon ang kalikasan ng aksyon o paglilitis; o
4. Ang abogadong kumakatawan sa iyo ay hindi nagbigay sa pampublikong ahensya ng naaangkop na impormasyon sa abiso ng kahilingan sa angkop na proseso gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Reklamo sa Angkop na Proseso (Due Process)**.

Gayunpaman, hindi maaaring bawasan ng korte ang mga bayarin kung matuklasan ng korte na hindi makatwiran na naantala ng pampublikong ahensya ang pinal na resolusyon ng aksyon o paglilitis o kung may paglabag sa ilalim ng mga probisyon ng pamamaraan sa pangangalaga ng mga karapatan sa Bahagi B ng IDEA.

# Pag-access sa mga Tala/Rekord

## PAGIGING KUMPIDENSIYAL NG IMPORMASYON

Ang mga magulang, o mga mag-aaral na may edad na 19 na taong gulang o mas matanda, ay binibigyan ng mga karapatan na may kinalaman sa mga tala ng edukasyon ng kanilang anak sa ilalim ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) at batas ng estado na may kaugnayan sa proteksyon ng mga karapatang pang-edukasyon at pribasiya ng mga mag-aaral at mga magulang. Sa ilalim ng FERPA at batas ng estado, kapag ang isang mag-aaral ay naging 19 na taong gulang, ang mga karapatan ng mga magulang tungkol sa mga tala ng edukasyon ng mag-aaral, kabilang ang karapatan ng pagpayag na maglabas ng mga rekord, ay inililipat sa mag-aaral.

## PERSONAL NA IMPORMASYONG MAPAGKAKAKILANLAN (PERSONALLY IDENTIFIABLE INFORMATION o PII)

Ang personal na mapagkakakilanlan ay nangangahulugang impormasyon na kabibilangan ng:

1. Pangalan ng iyong anak, pangalan mo bilang magulang, o pangalan ng ibang miyembro ng pamilya;
2. Address ng tinitirhan ng iyong anak;
3. Isang personal na pagkakakilanlan, gaya ng numero ng social security ng iyong anak o numero ng pagkakakilanlan ng mag-aaral; o
4. Listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyon na magiging posible upang makilala ang iyong anak nang may makatwirang katiyakan.

## ABISO/PAUNAWA SA MGA MAGULANG

Ang ahensyang pang-edukasyon ay dapat magbigay ng abiso na sapat upang ganap na ipaalam sa mga magulang ang tungkol sa pagiging kumpidensyal ng impormasyong nagbibigay ng personal na mapagkakakilanlan, kabilang ang:

1. Isang paglalarawan ng lawak kung saan ibinibigay ang abiso o paunawa sa mga katutubong wika ng iba't ibang pangkat ng populasyon sa Estado;
2. Isang paglalarawan ng mga mag-aaral kung kanino pinapanatili ang personal na pagkakakilanlan ng impormasyon, ang mga uri ng impormasyong hinahangad, ang mga paraan na nilalayon ng Estado na gamitin sa pangangalap ng impormasyon (kabilang ang mga pinagmumulan kung saan kumukuha ng impormasyon), at ang paggagamitan ng impormasyon;
3. Ang buod ng mga patakaran at pamamaraan na dapat sundin ng mga kalahok na ahensya tungkol sa pag-iimbak, pagsisiwalat sa mga ikatlong partido, pagpapanatili, at pagsira ng impormasyong nagbibigay ng personal na mapagkakakilanlan; at
4. Isang paglalarawan ng lahat ng karapatan ng mga magulang at mag-aaral tungkol sa impormasyong ito, kabilang ang mga karapatan sa ilalim ng FERPA at mga regulasyon sa pagpapatupad nito sa 34 CFR Bahagi 99.

Bago ang anumang pangunahing aktibidad upang tukuyin, hanapin, o suriin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo (kilala rin bilang "child find"), ang abiso ay dapat na ilathala o ipahayag sa mga pahayagan o iba pang media, o pareho, na may sapat na sirkulasyon para abisuhan ang mga magulang sa buong Estado ng mga aktibidad na ito.

## PAG-ACCESS NG MGA KARAPATAN

Dapat kang pahintulutan ng kalahok na ahensya na siyasatin at repasuhin ang anumang mga rekord ng edukasyon na may kaugnayan sa iyong anak na kinokolekta, pinananatili, o ginagamit ng ahensyang pang-edukasyon sa ilalim ng IDEA. Ang kalahok na ahensya ay dapat sumunod sa iyong kahilingan na siyasatin at repasuhin ang anumang mga record o tala ng edukasyon ng iyong anak nang walang hindi kinakailangang pagkaantala at bago ang anumang pagpupulong tungkol sa isang IEP, o anumang walang kinikilingan na angkop na proseso ng pagdinig (kabilang ang isang pagdinig tungkol sa disiplina), o sesyon ng resolusyon, at sa anumang pagkakataon ay hindi hihigit sa 45 na araw sa kalendaryo pagkatapos mong isagawa ang kahilingang ito.

Ang iyong karapatang siyasatin at repasuhin ang mga tala o rekord ng edukasyon ay kinabibilangan ng:

1. Ang iyong karapatan sa isang tugon mula sa kalahok na ahensya sa iyong mga makatwirang kahilingan para sa mga paliwanag at interpretasyon ng mga talaan;
2. Ang iyong karapatang humiling na ang kalahok na ahensya ay magbigay ng mga kopya ng mga talaan kung hindi mo epektibong nasisiyasat o narerepaso ang tala (sa talaan) maliban kung matatanggap mo ang mga kopyang iyon; at
3. Ang iyong karapatan na siyasatin at repasuhin ng iyong kinatawan ang mga tala o rekord.

Maaaring ipalagay ng kalahok na ahensya na mayroon kang awtoridad na siyasatin at repasuhin ang mga rekord na may kaugnayan sa iyong anak maliban kung pinapayuhan na wala kang awtoridad sa ilalim ng naaangkop na batas ng Estado na namamahala sa mga bagay tulad ng pangangalaga, paghihiwalay, at diborsyo.

**Ang Pagkasira** ay nangangahulugan ng pisikal na pagsira o pag-alis ng mga personal na pagkakakilanlan mula sa impormasyon upang ang impormasyon ay hindi na personal na makikilala.

**ng Mga Tala ng Edukasyon** ay nangangahulugang uri ng mga talaan na sakop sa ilalim ng kahulugan ng "mga tala ng edukasyon'' sa 34 CFR Bahagi 99 (ang mga regulasyong nagpapatupad ng FERPA noong 1974, 20 U.S.C. 1232g).

**Ang Kalahok na Ahensya**ay nangangahulugang anumang paaralan, ahensya, o institusyon na nangongolekta, nagpapanatili, o gumagamit ng personal na impormasyong mapagkakakilanlan, o kung saan nakuha ang impormasyon, sa ilalim ng IDEA.

### Tala/Rekord para sa Pag-access

Ang bawat kalahok na ahensya ay dapat magtago ng talaan ng mga partidong nakakakuha ng access sa mga tala o rekord ng edukasyon na nakolekta, pinananatili, o ginamit sa ilalim ng IDEA (maliban sa pag-access ng mga magulang at awtorisadong empleyado ng kalahok na ahensya), kasama ang pangalan ng partido, ang petsa kung kailan ibinigay ang access, at ang layunin kung saan pinahintulutan ang partido na gamitin ang mga tala.

### Mga Tala/Rekord sa Higit Isang Mag-aaral

Kung ang anumang tala ng edukasyon ay may kasamang impormasyon sa higit sa isang mag-aaral, ang mga magulang ng mga mag-aaral na iyon ay may karapatan na siyasatin at repasuhin lamang ang impormasyong may kaugnayan sa kanilang anak o malaman ang partikular na impormasyong iyon.

### Listahan ng mga Uri at Lokasyon ng Impormasyon

Kapag hiniling, ang bawat kalahok na ahensya ay dapat magbigay sa iyo ng isang listahan ng mga uri at lokasyon ng mga tala ng edukasyon na nakolekta, pinanatili, o ginamit ng kalahok na ahensya.

### Mga Bayad

Ang bawat kalahok na ahensya ay maaaring maningil ng bayad para sa mga kopya ng mga tala o rekord na ginawa para sa iyo sa ilalim ng IDEA kung ang bayad ay hindi epektibong humahadlang sa iyo sa paggamit ng iyong karapatang siyasatin at repasuhin ang mga rekord na iyon.

Ang isang kalahok na ahensya ay hindi maaaring maningil ng bayad para maghanap o kumuha ng impormasyon sa ilalim ng IDEA.

### Pag-amyenda/Pagbabago ng mga Tala sa Kahilingan ng Magulang

Kung naniniwala ka na ang impormasyon tungkol sa mga tala ng edukasyon ng iyong anak na nakolekta, pinanatili, o ginamit sa ilalim ng IDEA ay hindi wasto, nakakapanlinlang, o lumalabag sa pribasiya o iba pang mga karapatan ng iyong anak, maaari mong hilingin sa kalahok na ahensya na baguhin ang impormasyon.

Ang kalahok na ahensya ay dapat magpasya kung babaguhin ang impormasyon alinsunod sa iyong kahilingan sa loob ng makatwirang panahon mula sa pagkatanggap ng iyong kahilingan.

Kung tumanggi ang kalahok na ahensya na amyendahan o baguhin ang impormasyon alinsunod sa iyong kahilingan, dapat nitong ipaalam sa iyo ang pagtanggi at ipaalam sa iyo ang iyong karapatan sa isang pagdinig gaya ng inilarawan sa ilalim ng pamagat na **Oportunidad para sa Pagdinig**.

### Oportunidad para sa Pagdinig

Ang kalahok na ahensya ay dapat na magbigay sa iyo ng pagkakataon para sa isang pagdinig na hamunin ang impormasyon sa mga talaan ng edukasyon tungkol sa iyong anak upang matiyak na hindi ito tumpak, nakakapanlinlang, o kung hindi man ay lumalabag sa pribasiya/pagkapribado o iba pang mga karapatan ng iyong anak.

### Mga Pamamaraan ng Pagdinig

Ang isang pagdinig upang hamunin ang impormasyon sa mga talaan ng edukasyon ay dapat isagawa ayon sa mga pamamaraan para sa mga naturang pagdinig sa ilalim ng FERPA na nauukol sa Proteksyon ng Mga Karapatang Pang-edukasyon at Pagkapribado ng mga Mag-aaral at Magulang.

### Resulta ng Pagdinig

Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang kalahok na ahensya ay nagpasya na ang impormasyon ay hindi tumpak, nakakapanlinlang, o kung hindi man ay lumalabag sa pribasiya/pagkapribado o iba pang mga karapatan ng iyong anak, dapat nitong baguhin ang impormasyon nang naaayon at ipaalam sa iyo sa pamamagitan ng pagsulat.

Kung ang kalahok na ahensya ay nagpasya na ang impormasyon ay hindi tumpak, nakakapanlinlang, o kung hindi man ay lumalabag sa pribasiya/pagkapribado o iba pang mga karapatan ng iyong anak, dapat nitong ipaalam sa iyo ang iyong karapatang ilagay sa mga talaang ito na pinapanatili tungkol sa iyong anak ang pahayag na nagkokomento sa impormasyon o nagbibigay ng anumang dahilan na hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng kalahok na ahensya bilang resulta ng pagdinig.
Ang ganitong paliwanag na inilagay sa mga talaan ng iyong anak ay dapat na:

1. Pinapanatili ng kalahok na ahensya bilang bahagi ng mga talaan ng iyong anak hangga't ang tala o rekord o pinagtatalunang bahagi ay pinananatili ng kalahok na ahensya; at
2. Kung ibinubunyag o isinisiwalat ng kalahok na ahensya ang mga talaan ng iyong anak o ang impormasyon tungkol sa problema sa alinmang partido, dapat ding isiwalat ang paliwanag sa partidong iyon.

Ang bawat kalahok na ahensya ay maaaring maningil ng bayad para sa mga kopya ng mga tala na isinagawa para sa iyo sa ilalim ng IDEA.

### Pahintulot para sa Pagbubunyag/Pagsisiwalat ng Personal na Impormasyong Mapagkakakilanlan

Maliban kung ang impormasyon ay nakapaloob sa mga talaan ng edukasyon, at ang pagbubunyag ay pinahintulutan nang walang pahintulot ng magulang sa ilalim ng FERPA, ang iyong pahintulot ay dapat makuha bago ang personal na impormasyong pagkakakilanlan ay isiwalat sa mga partido maliban sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensya. Maliban sa mga sitwasyong tinutukoy sa ibaba, hindi kailangan ang iyong pahintulot bago ilabas ang personal na impormasyong pagkakakilanlan sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensya para sa layuning matugunan ang isang iniaatas ng IDEA.

Ang iyong pahintulot, o pahintulot ng isang kwalipikadong mag-aaral na umabot sa legal na edad sa ilalim ng batas ng Estado, ay dapat makuha bago ang personal na impormasyong pagkakakilanlan ay ilabas sa mga opisyal ng mga ahensyang nagbibigay o nagbabayad para sa mga serbisyo sa paglipat.

### Mga Seguridad/Pangangalaga

Dapat protektahan ng bawat kalahok na ahensya ang pagiging kumpidensyal ng personal na impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan sa mga yugto ng koleksyon, pag-iimbak, pagsisiwalat, at pagsira.

Ang isang opisyal sa bawat kalahok na ahensya ay dapat umako ng responsibilidad para sa pagtiyak ng pagiging kumpidensyal ng anumang personal impormasyong pagkakakilanlan.

Ang lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng personal na impormasyong pagkakakilanlan ay dapat makatanggap ng pagsasanay o pagtuturo tungkol sa mga patakaran at pamamaraan ng Estado tungkol sa pagiging kumpidensyal sa ilalim ng IDEA at FERPA.

Ang bawat kalahok na ahensya ay dapat magpanatili, para sa pampublikong inspeksyon, ng isang kasalukuyang listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga empleyado sa loob ng ahensya na maaaring magkaroon ng access sa personal impormasyong pagkakakilanlan.

### Pagsira ng Impormasyon

Dapat ipaalam sa iyo ng pampublikong ahensya kapag hindi na kailangan ang personal na impormasyong pagkakakilanlan na nakolekta, pinanatili, o ginamit sa ilalim ng IDEA para magbigay ng mga serbisyong pang-edukasyon sa iyong anak.

Ang impormasyon ay dapat na sirain sa iyong paghiling. Gayunpaman, ang isang permanenteng talaan ng pangalan, tirahan, at numero ng telepono ng iyong anak, ang kanyang mga marka, talaan ng pagpasok, mga klaseng pinasukan, antas ng grado na natapos, at taon na natapos ay maaaring panatilihin nang walang limitasyon ng panahon.

Sa iyong kahilingan, ang ahensya ng edukasyon ay dapat ding magbigay sa iyo ng access sa mga tala ng edukasyon bago ang pagsira ng mga talaan.

## Mga Karapatan ng mga Bata

### PAGLILIPAT NG MGA KARAPATAN

Ang Departamento, sa katunayan, ay may mga patakaran at pamamaraan hinggil sa lawak kung saan ang mga bata ay nabibigyan ng mga karapatan sa pagkapribado katulad ng ibinibigay sa mga magulang, na isinasaalang-alang ang edad ng bata at uri o kalubhaan ng kapansanan.

Sa ilalim ng mga regulasyon ng FERPA sa 34 CFR 99.5(a), ang mga karapatan ng mga magulang tungkol sa mga tala ng edukasyon ay inililipat sa mag-aaral sa edad na 19 na taong gulang.

Kung ang mga karapatan na ibinibigay sa mga magulang sa ilalim ng IDEA ay ililipat sa isang mag-aaral na umabot sa legal na edad, naaayon sa 34 C.F.R. § 300.520, ang mga karapatan hinggil sa mga tala ng edukasyon sa 34 C.F.R. §§ 300.613 hanggang 300.624 ay dapat ding ilipat sa mag-aaral. Gayunpaman, dapat magbigay ang pampublikong ahensya ng anumang abiso na iniaatas sa ilalim ng seksyon 615 ng Batas sa mag-aaral at sa mga magulang.

### MGA BATANG MAY MGA KAPANSANAN NA IPINATALA NG KANILANG MGA MAGULANG SA MGA PRIBADONG PAARALAN NOONG MAY PROBLEMA SA LIBRENG ANGKOP NA PUBLIKONG EDUKASYON

Hindi iniaatas ng IDEA na bayaran ng pampublikong ahensya ang gastos sa edukasyon, kabilang ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ng iyong anak na may kapansanan sa isang pribadong paaralan o pasilidad kung ginawang available ng pampublikong ahensya ang FAPE sa iyong anak at pinili mong ilagay ang mag-aaral sa isang pribadong paaralan

Sa iyong kahilingan, dapat kang bigyan ng pampublikong ahensya ng access sa mga tala ng edukasyon bago sirain ang mga talaan.

**Ang Kalahok na Ahensya** ay nangangahulugang anumang paaralan, ahensya, o institusyon na nangongolekta, nagpapanatili, o gumagamit ng personal na impormasyong mapagkakakilanlan, o kung saan nakuha ang impormasyon, sa ilalim ng IDEA.

o pasilidad. Gayunpaman, dapat isama ng pampublikong ahensya ang iyong anak sa populasyon na ang mga pangangailangan ay tinutugunan sa ilalim ng mga probisyon ng IDEA tungkol sa mga mag-aaral na inilagay ng kanilang mga magulang sa isang pribadong paaralan sa ilalim ng 34 C.F.R. §§ 300.131 hanggang 300.144.

### Pagsasauli ng nagastos para sa Placement sa Pribadong Paaralan

Kung ang iyong anak ay nakatanggap dati ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng awtoridad ng pampublikong ahensya, at pinili mong i-enroll ang iyong anak sa isang pribadong preschool, elementarya, o sekundaryang paaralan nang walang pahintulot o referral ng pampublikong ahensya, maaaring hilingin ng korte o ng isang opisyal ng pagdinig sa pampublikong ahensya na ibalik sa iyo ang halaga ng pagpapatalang iyon kung nalaman ng korte o opisyal ng pagdinig na hindi ginawang available ng pampublikong ahensya ang FAPE sa iyong anak sa isang napapanahong paraan bago ang pagpapatala o pagpapa-enroll na iyon at ang pribadong placement ay naaangkop. Maaaring matuklasan ng isang opisyal ng pagdinig o korte na ang iyong placement ay angkop, kahit na ang placement ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng Estado na naaangkop sa edukasyong ibinibigay ng pampublikong ahensya.

Para sa isang mag-aaral na magpapatuloy sa placement sa pribadong paaralan, ang pagtukoy ng angkop na placement ng opisyal ng pagdinig ay hindi dapat gawin maliban kung ang pribadong paaralan ay nagpapahintulot sa pampublikong ahensya na gamitin ang responsibilidad nito upang matiyak ang probisyon ng FAPE para sa mag-aaral.

### Limitasyon ng Pagsasauli ng Nagastos (Reimbursements)

Ang halaga ng pagsasauli ng nagastos o bayad na inilarawan sa talata sa itaas ay maaaring bawasan o tanggihan:

1. Kung:
    a. Sa pinakahuling pagpupulong ng IEP na iyong dinaluhan bago ang iyong pag-alis ng iyong anak mula sa pampublikong paaralan, ay hindi mo ipinaalam sa IEP Team na tinatanggihan mo ang placement na iminungkahi ng pampublikong ahensya upang magbigay ng FAPE sa iyong anak, kabilang ang pagsasabi ng iyong mga alalahanin at ang iyong layunin na i-enroll ang iyong anak sa isang pribadong paaralan sa gastos na pampubliko; o
    b. Hindi bababa sa 10 araw na may trabaho (kabilang ang anumang mga pista opisyal na nagaganap sa isang araw na may trabaho) bago ang pag-alis mo ng iyong anak mula sa pampublikong paaralan, hindi ka nagbigay ng nakasulat na abiso o paunawa sa pampublikong ahensya ng impormasyong iyon;
2. Kung, bago ang pag-alis mo ng iyong anak mula sa pampublikong paaralan, ang pampublikong ahensya ay nagbigay ng paunang nakasulat na paunawa sa iyo tungkol sa layunin nitong suriin ang iyong anak (kabilang ang isang pahayag ng layunin ng pagsusuri na naaangkop at makatwiran), ngunit hindi mo pinayagan ang mag-aaral para sa pagsusuri; o
3. Sa oras na matuklasan ng korte na hindi makatwiran ang iyong mga aksyon.

Gayunpaman, ang halaga ng pagbabalik ng nagastos o bayad ay:

1. Hindi dapat bawasan o tanggihan dahil sa hindi pagbibigay ng abiso kung:
    a. Pinigilan ka ng paaralan na magbigay ng abiso;
    b. Hindi ka nakatanggap ng paunawa ng iyong responsibilidad na ibigay ang abiso na inilarawan sa itaas; o
    c. Ang pagsunod sa mga iniaatas sa itaas ay malamang na magresulta sa pisikal na pinsala sa iyong anak; at
2. Maaaring hindi bawasan o tanggihan dahil sa iyong kabiguan na ibigay ang kinakailangang abiso sa pagpapasya ng korte o ng opisyal ng pagdinig kung:
    a. Hindi ka marunong bumasa at sumulat o hindi marunong magsulat sa Ingles; o
    b. Ang pagsunod sa iniaatas sa itaas ay malamang na magreresulta sa malubhang emosyonal na pinsala sa iyong anak.

# Disiplina

## AWTORIDAD NG MGA TAUHAN NG PAARALAN

Maaaring isaalang-alang ng mga tauhan ng paaralan ang anumang natatanging mga pangyayari sa bawat kaso kapag tinutukoy kung ang pagbabago ng placement, na ginawa alinsunod sa mga sumusunod na kinakailangan na may kaugnayan sa disiplina, ay angkop para sa isang mag-aaral na may kapansanan na lumalabag sa alituntunin ng paaralan sa pag-uugali ng mag-aaral.

Hangga't gumagawa rin sila ng ganoong aksyon para sa mga mag-aaral na walang mga kapansanan, maaaring tanggalin ng mga tauhan ng paaralan, sa loob ng hindi hihigit sa 10 magkakasunod na araw na may pasok sa klase, ang isang mag-aaral na may kapansanan na lumalabag sa isang alituntunin ng pag-uugali ng mag-aaral mula sa kanyang kasalukuyang placement sa angkop na pansamantalang setting ng edukasyon, iba pang setting, o suspensyon.

Kapag ang isang mag-aaral na may kapansanan ay tinanggal mula sa kanyang kasalukuyang placement para sa kabuuang 10 araw ng paaralan sa parehong taon ng paaralan, ang pampublikong ahensya ay dapat na, sa anumang mga susunod na araw ng pagtanggal sa taon ng paaralang iyon ay magbigay ng mga serbisyo hangga't kinakailangan sa ilalim ng mga sub-heading na **Mga Serbisyo**. Ang pagtanggal nang higit sa 10 pinagsama-sama o magkakasunod na araw na may klase sa parehong taon ng paaralan ay isang pagbabago ng placement (tingnan ang pamagat na **Pagbabago ng Placement Dahil sa mga Pandisiplinang Pagtanggal**).

### Karagdagang Awtoridad

Kung ang pag-uugali na lumabag sa alituntunin ng pag-uugali ng mag-aaral ay hindi isang pagpapakita ng kapansanan ng mag-aaral (tingnan ang subheading na **Pagpapasya sa Manipestasyon**) at ang iminungkahing pagtanggal ng disiplina ay lalampas sa 10 magkakasunod o pinagsama-samang araw ng pagpasok sa paaralan sa isang taon ng pag-aaral, ang mga tauhan ng paaralan ay maaaring maglapat ng mga pamamaraan sa pagdidisiplina sa mag-aaral na iyon na may kapansanan sa parehong paraan at katulad na tagal gaya ng gagawin nito sa mga mag-aaral na walang kapansanan, maliban na ang paaralan ay dapat magbigay ng mga serbisyo sa mag-aaral na iyon tulad ng inilarawan sa ilalim ng Mga Serbisyo. Tinutukoy o pinagpapasyahan ng IEP Team ng mag-aaral ang pansamantalang alternatibong sitwasyon ng edukasyon para sa mga naturang serbisyo.

## MGA SERBISYO

Ang pampublikong ahensya ay maaaring magkaloob ng mga serbisyo sa kapwa mag-aaral na may kapansanan at isang mag-aaral na walang kapansanan na tinanggal sa kanyang kasalukuyang placement sa loob ng 10 araw ng pasukan o mas kaunti sa taong iyon ng paaralan. Ang mag-aaral ay maaaring bigyan ng alternatibong opsyon sa edukasyon (tulad ng takdang-aralin, proyekto, o mga takdang-aralin sa klase), at maaaring ibigay ang mga serbisyo sa isang pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon.

Ang mag-aaral na may kapansanan na tinanggal mula sa kasalukuyang placement ng mag-aaral nang higit sa 10 araw ng pasukan sa isang taon ng pag-aaral at ang pag-uugali ay hindi isang pagpapakita o manipestasyon ng kapansanan ng mag-aaral (tingnan ang subheading na **Pagpapasya sa Manipestasyon**) o tinanggal sa ilalim ng espesyal na mga kalagayan (tingnan ang subheading na **Espesyal na mga Kalagayan**) ay dapat na:

1. Patuloy na tumanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon (magkaroon ng magagamit na FAPE) upang bigyang-daan ang mag-aaral na patuloy na lumahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagama't sa ibang setting (maaaring isang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon), at magpatuloy sa pag-unlad sa pagtupad sa mga layuning itinakda sa IEP ng mag-aaral; at
2. Tumanggap, kung naaangkop, ng isang functional na pagsusuri ng pag-uugali, at mga serbisyo at pagbabago sa interbensyon sa pag-uugali, na idinisenyo upang matugunan ang paglabag sa pag-uugali para hindi na ito maulit.

Matapos matanggal ang isang mag-aaral na may kapansanan mula sa kanyang kasalukuyang placement sa loob ng 10 araw ng paaralan sa parehong taon ng paaralan, at kung ang kasalukuyang pagtanggal ay para sa 10 araw ng paaralan nang sunud-sunod o mas kaunti, at kung ang ang pagtnaggal ay hindi pagbabago ng placement (tingnan ang kahulugan sa ibaba), kung gayon, ang mga tauhan ng paaralan ay tutukuyin kung hanggang saan ang mga serbisyong kailangan upang bigyang-daan ang mag-aaral na patuloy na lumahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon sa pagsangguni sa hindi bababa sa isa sa mga guro ng mag-aaral, bagama't nasa ibang setting, at sa pagsulong tungo sa pagkamit ng mga layuning itinakda sa IEP ng mag-aaral.

Kung ang pagtanggal ay isang pagbabago ng placement (tingnan ang pamagat na **Pagbabago ng Placement Dahil sa Pandisiplinang Pagtanggal**), tutukuyin ng IEP Team ng mag-aaral ang angkop na mga serbisyo upang bigyang-daan ang mag-aaral na magpatuloy sa pangkalahatang kurikulum ng mag-aaral, kahit na nasa ibang setting (na

Maaaring isaalang-alang ng mga tauhan ng paaralan ang anumang natatanging mga pangyayari sa bawat kasong batayan kapag tinutukoy kung ang pagbabago ng placement ay angkop para sa isang mag-aaral na may kapansanan na lumalabag sa alituntunin ng paaralan sa pag-uugali ng mag-aaral.

maaaring pansamantalang setting ng alternatibong edukasyon), at upang magpatuloy sa pagtugon sa mga kinakailangang itinakda ng IEP ng mag-aaral.

Kung ang pagtanggal ay lumampas sa 10 pinagsama-samang araw sa parehong taon ng pag-aaral at isang pag-aalis ng krisis, kung gayon, ang mga tauhan ng paaralan, sa pagsangguni sa hindi bababa sa isa sa mga guro ng mag-aaral, ay tutukuyin kung hanggang saan ang mga serbisyong kinakailangan upang makapagpatuloy ang mag-aaral na lumahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon, bagama't nasa ibang setting, at para makasulong tungo sa pagtugon sa mga layuning itinakda sa IEP ng mag-aaral.

## PAGPAPASYA SA MANIPESTASYON

Hindi kasama ang mga pagtanggal ng krisis, sa loob ng 10 araw ng pasukan ng anumang desisyon na babaguhin ang placement ng isang mag-aaral na may kapansanan dahil sa isang paglabag sa isang alituntunin sa pag-uugali ng mag-aaral, ang pampublikong ahensya, ikaw, at iba pang nauugnay na miyembro ng IEP Team ay dapat magrepaso ng lahat ng nauugnay na impormasyon sa file ng mag-aaral, kabilang ang IEP ng mag-aaral, anumang obserbasyon ng guro, at anumang nauugnay na impormasyong ibinigay mo upang matukoy o mapagpasyahan:

1. Kung ang pag-uugali na pinag-uusapan ay sanhi ng, o nagkaroon ng direkta at malaking kaugnayan sa kapansanan ng mag-aaral; o
2. Kung ang pag-uugali na pinag-uusapan ay direktang resulta ng kabiguan ng pampublikong ahensya na ipatupad ang IEP ng mag-aaral.

Kung ang pampublikong ahensya, ikaw, at iba pang nauugnay na miyembro ng IEP Team ng mag-aaral ay nagpasya na ang alinman sa mga kondisyong iyon ay natugunan, ang pag-uugali ay dapat na matukoy na isang pagpapakita o manipestasyon ng kapansanan ng mag-aaral.

Kung ang pampublikong ahensya, ikaw, at iba pang nauugnay na miyembro ng IEP Team ng mag-aaral ay nagpasya na ang pag-uugali na pinag-uusapan ay ang direktang resulta ng pagkabigo ng pampublikong ahensya na ipatupad ang IEP, ang LEA ay dapat gumawa ng agarang aksyon upang masolusyunan ang mga pagkukulang na iyon.

Kung ang pampublikong ahensya, ikaw, at iba pang nauugnay na miyembro ng IEP Team ay nagpasya na ang pag-uugali ay isang pagpapakita o manipestasyon ng kapansanan ng mag-aaral, ang IEP Team ay dapat na alinman sa:

1. Magsagawa ng functional na pagsusuri sa pag-uugali, maliban kung ang pampublikong ahensya ay nagsagawa ng functional na pagsusuri sa pag-uugali bago nangyari ang pag-uugali na nagresulta sa pagbabago ng placement, at magpatupad ng isang plano ng interbensyon sa pag-uugali para sa mag-aaral; o
2. Kung ang isang plano ng interbensyon sa pag-uugali ay nabuo na, repasuhin ang plano ng interbensyon sa pag-uugali, at baguhin ito, kung kinakailangan, upang matugunan ang pag-uugali.

Maliban sa inilarawan sa ibaba sa ilalim ng subheading na Mga Espesyal na pangyayari, dapat ibalik ng pampublikong ahensya ang iyong anak sa placement kung saan tinanggal ang iyong anak, maliban kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon sa pagbabago ng placement bilang bahagi ng pagbabago ng plano ng interbensyon sa pag-uugali.

## MGA ESPESYAL NA PANGYAYARI

Kung ang pag-uugali ay isang pagpapakita o manipestasyon man ng kapansanan ng iyong anak o hindi, maaaring alisin ng mga tauhan ng paaralan ang isang mag-aaral sa isang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon (na tinutukoy ng IEP Team ng mag-aaral) nang hindi hihigit sa 45 araw ng paaralan, kung ang iyong anak ay:

1. Nagdala ng sandata (tingnan ang kahulugan sa kanan) sa paaralan o may sandata sa paaralan, sa mga bakuran ng paaralan, o sa function ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng pampublikong ahensya;
2. Alam na mayroon o gumagamit ng ilegal na droga (tingnan ang kahulugan sa kanan), o nagbebenta o walang pahintulot na nagbebenta ng kontroladong substansiya (tingnan ang kahulugan sa kanan), habang nasa paaralan, sa lugar ng paaralan, o sa isang function ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng pampublikong ahensya; o
3. Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan (tingnan ang kahulugan sa kanan) sa ibang tao habang nasa paaralan, sa lugar ng paaralan, o sa isang function ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng pampublikong ahensya.

## ABISO/PAUNAWA

Sa petsa na nagpasya ang pampublikong ahensya na gumawa ng isang pagtanggal na isang pagbabago sa placement ng iyong anak dahil sa isang paglabag sa alituntunin sa pag-uugali ng mag-aaral, dapat na ipaalam sa iyo ng pampublikong ahensya ang desisyong iyon at bigyan ka ng isang abiso sa pamamaraan ng pangangalaga sa mga karapatan.

**Ang Kontroladong Substansya** ay nangangahulugang droga o iba pang substansya na tinukoy sa ilalim ng mga iskedyul I, II, III, IV, o V sa seksyon 202(c) ng Batas sa mga Kontroladong Substansya (21 U.S.C. 812(c)).

**Ang Ilegal na Droga** ay nangangahulugang isang kontroladong substansya ngunit hindi kasama ang kontroladong substansya na legal na pagmamay-ari o ginagamit sa ilalim ng pangangasiwa ng isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o na legal na pagmamay-ari o ginagamit sa ilalim ng anumang iba pang awtoridad sa ilalim ng Batas na iyon o sa ilalim ng iba pang probisyon ng pederal na batas.

**Ang Malubhang Pinsala sa Katawan** ay may kahulungang ibinigay sa terminong ‘‘malubhang pinsala sa katawan’’ sa ilalim ng talata (3) ng subseksyon (h) ng seksyon 1365 ng titulo 18, Alituntunin ng Estados Unidos.

**Ang Sandata** ay may kahulungang ibinigay sa terminong ‘‘mapanganib na sandata’’ sa ilalim ng talata (2) ng unang subseksyon (g) ng seksyon 930 ng titulo 18, Alituntunin ng Estados Unidos.

## PAGBABAGO NG PLACEMENT DAHIL SA PANDISIPLINANG PAGTANGGAL

Ang pagtanggal ng iyong anak na may kapansanan mula sa kasalukuyang placement sa edukasyon ng iyong anak ay isang pagbabago ng placement kung:

1. Ang pagtanggal ay para sa mahigit sa 10 sunod-sunod na araw na may pasok o
2. Ang sunod-sunod na kabuuang pagtanggal ay mahigit sa 10 araw na may pasok sa isang taon ng pag-aaral.

## DETERMINASYON NG SETTING

Tinutukoy ng IEP Team ang alternatibong setting na pang-edukasyon para sa pagtanggal na mga pagbabago ng placement at pagtanggal sa ilalim ng mga subheading na **Karagdagang Awtoridad** at **Espesyal na mga Pangyayari**.

## PINABILIS NA ANGKOP NA PROSESO (DUE PROCESS)

Maaari kang maghain ng pinabilis na reklamo sa angkop na proseso (tingnan ang pamagat na **Mga Pamamaraan ng Reklamo sa Angkop na Proseso**) upang humiling ng pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso kung hindi ka sang-ayon sa:

1. Anumang desisyon may kinalaman sa placement na isinagawa sa ilalim ng mga probisyong ito na pandisiplina; o
2. Ang pagpapasya sa manipestasyon ay inilalarawan sa ilalim ng subheading na Pagpapasya sa Manipestasyon.

Ang pampublikong ahensya ay maaaring maghain ng isang pinabilis na reklamo sa angkop na proseso upang humiling ng pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso kung pinaniniwalaan na ang pagpapanatili sa kasalukuyang placement ng iyong anak ay malaki ang posibilidad na magresulta sa pinsala sa iyong anak o sa iba.

### Awtoridad ng Opisyal ng Pagdinig

Ang opisyal ng pagdinig na tumutugon sa mga kinakailangan o iniaatas na inilalarawan sa ilalim ng subheading na **Walang Kinikilingang Opisyal ng Pagdinig** ay dapat magsagawa ng pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso at gumawa ng desisyon. Ang opisyal ng pagdinig ay maaaring:

1. Ibalik ang iyong anak na may kapansanan sa placement kung saan tinanggal ang iyong anak kung natukoy o napagpasyahan ng opisyal ng pagdinig na ang pagtanggal ay isang paglabag ng mga iniaatas na inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan**, o ang pag-uugali ng iyong anak ay isang pagpapakita o manipestasyon ng kapansanan ng iyong anak; o
2. Mag-utos ng pagbabago ng placement ng iyong anak na may kapansanan sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon para sa hindi lalampas sa 45 araw ng pasukan kung ang opisyal ng pagdinig ay nagpasya na ang pagpapanatili sa kasalukuyang placement ng iyong anak ay malaki ang posibilidad na magresulta sa pinsala sa iyong anak o sa iba pa.

Ang mga pamamaraan ng pagdinig na ito ay maaaring ulitin kung naniniwala ang pampublikong ahensya na ang pagbabalik ng iyong anak sa orihinal na placement ay malaki ang posibilidad na magresulta sa pinsala sa iyong anak o sa iba.

Sa tuwing ikaw o ang pampublikong ahensya ay naghahain ng reklamo upang humiling ng gayong pagdinig, ang isang pagdinig ay dapat isagawa na nakakatugon sa mga kinakailangan o iniaatas na inilalarawan sa ilalim ng mga pamagat na **Mga Pamamaraan ng Reklamo sa Angkop na Proseso (Due Process)** at **Mga Pagdinig ng Reklamo sa Angkop na Proseso (Due Process)**, maliban sa mga sumusunod:

1. Dapat isaayos ng pampublikong ahensya ang isang pinabilis na pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso, na dapat mangyari sa loob ng 20 araw ng pasukan mula sa petsa nang inihain ang kahilingan sa pagdinig at dapat magresulta sa isang pagpapasya sa loob ng 10 araw ng paaralan pagkatapos ng pagdinig.
2. Maliban kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat upang talikdan ang pagpupulong o sumasang-ayon na gamitin ang mediation, ang pagpupulong para sa resolusyon ay dapat maganap sa loob ng pitong (7) araw sa kalendaryo mula ng pagtanggap ng abiso ng reklamo sa angkop na proseso. Ang pagdinig ay maaaring magpatuloy maliban kung ang usapin ay nalutas sa kasiyahan ng parehong partido sa loob ng 15 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ang reklamo sa angkop na proseso.
3. Ang timeline para sa pagsisiwalat ng ebidensya at mga pagsusuri ay maaaring mas mababa sa limang (5) araw na may trabaho at dapat itakda ng opisyal ng pagdinig sa kumperensya bago ang pagdinig.

Ikaw o ang pampublikong ahensya ay maaaring mag-apela sa desisyon sa isang pinabilis na angkop na proseso ng pagdinig sa parehong paraan tulad ng para sa mga desisyon sa iba pang angkop na proseso ng pagdinig. (tingnan ang pamagat na **Apela**).

### Placement sa Panahon ng Pinabilis na Angkop na Proseso (Due Process)

Kapag ikaw o ang pampublikong ahensya ay naghain ng reklamo sa angkop na proseso na may kaugnayan sa mga usapin sa pagdidisiplina, ang iyong anak ay dapat (maliban kung ikaw at ang pampublikong ahensya ay hindi sumasang-ayon) manatili sa pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon habang hinihintay ang desisyon ng opisyal ng pagdinig o hanggang sa matapos ang panahon ng pagtanggal ayon sa itinatadhana at inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan**, alinman ang mauna.

Ikaw o ang pampublikong ahensya ay maaaring umapela sa desisyon sa pinabilis na pagdinig ng angkop na proseso (due process) sa parehong paraan para sa mga desisyon sa ibang mga pagdinig sa ilalim ng angkop na proseso

## MGA PROTEKSYON PARA SA MGA MAG-AARAL NA HINDI PA KWALIPIKADO PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON AT NAUUGNAY NA MGA SERBISYO

Kung ang iyong anak ay hindi natukoy o napagpasyahan na kwalipikado para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at lumalabag sa isang alituntunin sa pag-uugali ng mag-aaral, ngunit ang pampublikong ahensya ay may kaalaman (tulad ng tinutukoy sa ibaba) bago nangyari ang pag-uugali na nagdulot ng aksyong pandisiplina, na ang iyong anak ay isang mag-aaral na may kapansanan, maaaring igiit ng iyong anak ang alinman sa mga proteksyong inilalarawan sa paunawang ito.

Ang pampublikong ahensya ay ituturing na may kaalaman na ang iyong anak ay isang mag-aaral na may kapansanan kung, bago nangyari ang pag-uugali na nagdulot ng aksyong pandisiplina ay:

1. Nagpahayag ka ng alalahanin sa pamamagitan ng pagsulat sa mga tauhang superbisor o administratibo ng paaralan ng iyong anak o sa guro ng iyong anak na ang iyong anak ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo;
2. Humiling ka ng pagsusuri na nauugnay sa pagiging kwalipikado para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng IDEA; o
3. Ang guro ng iyong anak o ibang tauhan ng pampublikong ahensya ay nagpahayag ng mga partikular na alalahanin tungkol sa nakagawian o paulit-ulit na pag-uugaling ipinakita ng anak mo nang direkta sa mga tauhang superbisor o administratibo ng paaralan ng iyong anak o sa iba pang mga tauhang superbisor ng LEA.

### Eksepsyon

Ang pampublikong ahensya ay hindi maituturing na may ganoong kaalaman kung:

1. Hindi mo pinahintulutan ang pagsusuri ng iyong anak o tinanggihan mo ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon; o
2. Ang iyong anak ay nasuri at natukoy o napagpasyahan na hindi isang mag-aaral na may kapansanan sa ilalim ng IDEA.

### Mga Kondisyon na Nalalapat kung Walang Batayan ng Kaalaman

Kung bago magsagawa ng mga hakbang sa pagdidisiplina laban sa iyong anak, walang kaalaman ang pampublikong ahensya na ang iyong anak ay isang mag-aaral na may kapansanan, gaya ng inilalarawan sa itaas sa ilalim ng mga subheading na **Batayan ng Kaalaman para sa mga Pandisiplinang Bagay** at **Eksepsyon**, ang iyong anak ay maaaring sumailalim sa mga hakbang sa pagdidisiplina na inilalapat sa mga mag-aaral na walang mga kapansanan na nakikibahagi sa mga katumbas na pag-uugali.

Gayunpaman, kung ang isang kahilingan ay ginawa para sa pagsusuri ng iyong anak sa panahon na ang iyong anak ay sumasailalim sa mga hakbang sa pagdidisiplina, ang pagsusuri ay dapat na isagawa sa isang pinabilis na paraan.

Hanggang sa makumpleto ang pagsusuri, mananatili ang iyong anak sa placement sa edukasyon na tinukoy o pinagpasyahan ng mga awtoridad ng paaralan, na maaaring kabilangan ng pagsuspinde o pagpapaalis nang walang mga serbisyong pang-edukasyon.

Kung ang iyong anak ay natukoy o napagpasyahan na isang mag-aaral na may kapansanan, batay sa konsiderasyon ng impormasyon mula sa pagsusuring isinagawa ng pampublikong ahensya, at sa impormasyong ibinigay mo, ang pampublikong ahensya ay dapat magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo alinsunod sa IDEA, kabilang ang mga kinakailangan o iniaatas sa pagdidisiplina na inilalarawan sa itaas.

Kung ang iyong anak ay natukoy o napagpasyahan na isang mag-aaral na may kapansanan, dapat magbigay ang pampublikong ahensya ng espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo alinsunod sa IDEA, kabilang ang pandisiplinang mga kinakailangan.

## REFERRAL SA AT KILOS NG PAGPAPATUPAD NG BATAS AT MGA AWTORIDAD NG KORTE

Ang IDEA ay hindi:

1. Nagbabawal sa isang ahensya na mag-ulat ng krimen na ginawa ng isang mag-aaral na may kapansanan sa mga naaangkop na awtoridad; o
2. Pumipigil sa pagpapatupad ng batas ng Estado at mga awtoridad ng hustisya na gampanan ang kanilang mga responsibilidad patungkol sa aplikasyon ng batas ng pederal at estado sa mga krimeng ginawa ng isang mag-aaral na may kapansanan.

### Paglilipat ng mga Tala/Rekord

Kung ang LEA ay nag-ulat ng isang krimen na ginawa ng isang mag-aaral na may kapansanan, ang LEA ay:

1. Dapat tiyakin na ang mga kopya ng espesyal na edukasyon at mga rekord ng pagdidisiplina ng mag-aaral ay ipinadala para sa konsiderasyon ng mga awtoridad na tumanggap ng ulat ng krimen mula sa ahensya; at
2. Maaaring magpadala ng mga kopya ng espesyal na edukasyon at mga rekord ng pagdidisiplina ng mag-aaral hangga't pinahihintulutan lamang ng FERPA.

Special Education Services · Alabama State Department of Education
PO Box 302101 · Montgomery, AL 36130-2101 · (334) 694-4782 · speced@alsde.edu